
# tilamsik

## ng dakilang apoy

# Isulong at Pamunuan ang Pakikibaka sa Pasistang Rehimeng US-Duterte! Iangat ang Rebolusyonaryong Pakikibaka sa Bago at Mas Mataas na Antas!



tilamsik
ng dakilang apoy

*hunyo 2019*

*Ang tilamsik ay inilathala ng National Democratic Front-Camarines Norte at ng Armando Catapia Command (Bagong Hukbong Bayan)*

# Nilalaman

PAMBUNGAD *1*

EDITORYAL *3*

Isulong at Pamunuan ang Pakikibaka sa Pasistang Rehimeng US-Duterte
Iangat ang Rebolusyonaryong Pakikibaka sa Bago at Mas Mataas na Antas!

TULA

Sandata ng Rebolusyon *8*
*ni Ka Karen*

Si Digong at Si Joma *9*
*ni Ka Pen*

Kabataan *11*
*nina Ka Jenelyn, Ka Sofia, at Ka Emskie*

Ako'y Kabataan *12*
*ni Ka Maine*

*Maralitang Taga-Lungsod 13*
*ni Yuri Makauri*

Magpatuloy at Baguhin ang Lipunan *15*
*ni Maya Daniel*

Pagkadapa At Pagbangon *16*
*ni Ka Hannah*

Sandatang Edukasyon *18*
*ni Ka Ano*

Pulang Hukbo *19*
*ni Ka Andoy*

Ang Hukbo *20*
*ni Ka Roldan*

Buhay Kan NPA *21*
*ni Ka Andrie*

Aking Amang Pulang Mandirigma *22*
*ni Ka Jenelyn*

Salamat, Kasama *23*
*Ni Ka Annie*

Isipang Nakapiit *24*
*ni Ka Roel Villanueva*

Dala ay Tagumpay *25*
*ni Ka Imee*

Reseta 27
*ni Ka Venus Saturno*

Para sa mga Kasama 29
*ni Ka Criselda*

Mga Larawan ng BKPM Crashcourse 31

REPORTAHE
Nagpapatuloy na Militarisasyon sa Kanayunan 32

Persona Non Grata Nga Ba? 35

Patuloy na Pagdausdos ng Kabuhayan ng Magkokopra, Pananagutan ng Pasista at Papet na Rehimeng US-Duterte 39

Gintong Anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas Ipinagdiwang! 40

Mga Larawan Ng Ika-50 Anlbersaryo ng PKP 42

MAIKLING KWENTO
Bisita 43
*ni Ka Jenelyn*
Hatid 45
*ni Ka Maine*
Taktikal na Opensiba 47
*ni Ka Arcel*

Mga Larawan sa Ika- 50 Anibersaryo ng BHB 50

KWENTONG BUHAY
Ka Pedi 51
Ka Jacob 53
Ang Kasama ay isang Ama, Anak, Kapatid 55

KWENTONG KUSINA
BKPM 62
Alerto 63

PARANGAL
Pinakamataas na Pagpupugay kay Alfredo "Ka Bendoy" Merilos, Mabuting Anak ng Camarines Norte, Bayani ng Sambayanan 65
Karaniwang Buhay, Dakilang Pag-aalay 70

LIHAM 73
AWIT 79
PASASALAMAT 81



# Pambungad

*"...mulat ang sambayanang Pilipino na ang tanging pamamaraan upang maipagtanggol ang interes ng nakararami ay ang manindigan para sa makatwirang paglaban ng mamamayan at ang isulong ang demokratikong rebolusyong bayan nang may ibayong kapasyahan at katatagan."*

Sa gitna ng matinding pagwawasiwas ng Rehimeng US-Duterte ng kanyang kapangyarihan gamit ang kanyang tila ulol na asong AFP at mga alipures nito laban sa mga inosenteng sibilyan at rebolusyonaryong kilusan, mas lalo lamang sumisidhi ang pagnanais ng aping mamamayan na ibagsak ang bulok at inutil na sistemang kanyang pinaghaharian.



Disyembre ng nakaraang taon ay inilabas ang ispesyal na isyu ng tilamsik para salubungin ang gintong anibersaryo ng pagkakatatag ng Partido Komunista ng Pilipinas. Nilaman nito ang 50 taong pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan sa armadong pakikibaka, rebolusyong agraryo at pagtatatag ng base sa pamumuno ng Partido sa Hangganang -Quezon Bikol Zone.

Ang ika-pitong isyu ng tilamsik ay inilabas sa gitna ng panawagan ng partido ng ibayong pagsulong ng pakikabaka laban sa rehimeng US-Duterte at iangat ang rebolusyonaryong pakikibaka sa mas mataas na antas.

Tinutugunan ng ika-pitong isyu ng tilamsik ang panawagan ng Partido Komunista ng Pilipinas na ibayong palakasin at palawakin ang gawaing propaganda upang patuloy na ilantad ang kabulukan ng rehimeng US-Duterte at singilin siya sa kanyang mga pangakong

napako. Sinasalamin ang temang ito sa mga tulang *Sandata ng Rebolusyon, Si Digong at si Joma, Magpatuloy at Baguhin ang Lipunan,* sa maikling kwentong *Hatid,* mga liham nina *Remsie,* sa reportaheng *Nagpapatuloy na Militarisasyon sa Kanayunan , Nagpapatuloy Na Pagdausdos Ng Kabuhayan Ng Magkokopra , Pananagutan Ng Papet At Pasistang Rehimeng Us-Duterte .* Sinasalamin din ang kalagayan ng mga pambansa-demokratikong pwersa at ang kalutasan sa kanilang mga suliranin sa mga tulang *Kabataan, Ako'y Kabataan ,Maralitang-Lunsod, Pagkadapa at Pagbangon, Kwentong Buhay Ni Jacob at sa awiting Himig ng Digmang Bayan.* Sa mga tulang *Pulang hukbo, Ang Hukbo, Ang Buhay Kan NPA, Sandatang Edukasyon , Salamat, Kasama at mga liham nina Kim, Maine at Roldan* maikling kwento na *Taktikal na Opensiba, at* kwentong buhay nina *Ka Pedi, Ka Lyene, Ka jay at Ka Arcel,* kwentong kusina na *BKPM* na nagsasalarawan ng buhay at pakikibaka ng Bagong Hukbong bayan. Ipinapakita naman sa reportaheng *Gintong Anibersaryo ng Partido Komunista , Ipinagdiwang* ang makabuluhang pagdiriwang sa Ika-50 Anibersaryo ng PKP. Sa tulang *Isipang Nakapiit, Dala ay Tagumpay ,Reseta at Para sa mga Kasama* at sa awiting *Diwa ng Teorya, Inspirasyon ng Praktika* ay isinasalarawan ang buhay Partido ng mga kasama. Samantala, sa reportahe na *Persona Non Grata Nga Ba?,* kwentong kusina na *Alerto,* maikling kwento na *Bisita* at *liham ni Hannah* ay pinabubulaanan nito ang pagbansag ng Rehimeng US-Duterte na terorista ang CPP-NPA-NDF.

Naglaan din ng pahina ang *tilamsik* para sa pagkilala sa mga kasamang martir na sina Ka Bendoy, Ka Omar, Ka Hadji at Ka Jack nag-alay ng kanilang buhay para sa pagpapalaya ng bayan.

Inaasahan na makakatulong ang isyung ito sa panawagan ng Partido na ihiwalay , labanan at ibagsak ang rehimeng US-Duterte. Maging gabay ng lahat ng pwersa at kaibigan ng rebolusyon at magpunyaging iangat ang rebolusyonaryong pakikibaka sa mas mataas na antas sa pamamagitan ng ubos- kayang pagmumulat, pag-organisa at pagpapakilos sa masa. Makakatulong din ang mga obra ng isyung ito upang hanguan ng mga aral at gawing inspirasyon sa pang araw-araw na pakikibaka hanggang sa mapagpasyang tagumpay ng rebolusyon.

***





# Editoryal

## Isulong at Pamunuan ang Pakikibaka sa Pasistang Rehimeng US-Duterte! Iangat ang Rebolusyonaryong Pakikibaka sa Bago at Mas Mataas na Antas!



Sumisidhi ang pagnanais ng mamamayan na ibagsak ang tuta at pasistang Rehimeng US-Duterte dahil sa di na mabilang na kaso ng paglabag sa karapatang-tao. Malaganap at sistematikong pagpatay sa mga mamamayan at higit sa lahat ang sumisidhing kahirapan na nararanasan ng malawak na sambayanan. Tampok dito ang gyera kontra-druga na nagtala ng ilan libong pagpatay sa mga inosenteng sibilyan, higit pa rito ang tuloy-tuloy na pagpatay sa mga lider ng mga hayag na pambansa-demokratikong kilusan. Mas higit ding pinatindi ang kontra-rebolusyonaryong lahatang digma ng rehimeng US-Duterte.

Ang pakana ng rehimeng US-Duterte at ng *Armed Forces of the Philippines* na palawigin ang Batas Militar sa Mindanao sa batayang pagsugpo sa diumano ay *"foreign enemy"*, malinaw sa mamamayan na walang ibang layunin kundi ang tuloy-tuloy at mas masaklaw na permanenteng operasyong militar ng imperyalistang US, hindi lang sa Mindanao, kundi sa buong bansa, sa tabing ng itinatayong pasistang diktadura ni Duterte.

Sa paglabas niya ng *Memorandum Order No. 32* at *Excutive Order 70*, ipinaloob niya ang bansa sa *state of national emergency* na sa esensya ay nagbibigay-laya sa kanyang sandatahang lakas

na ibayong maghasik ng pasismo at paghaharing militar laban sa bulnerableng hanay ng sibilyang populasyon ng bansa at ang pagbubuo ng *National Task Force* laban sa CPP-NPA-NDF at ang paglarga ng Oplan Kapanatagan at ang mga nauna pang *Oplang Tambay* at *Oplan Tokhang.* Ito ay mga hakbang tungo sa nilulutong pagbabago ng konstitusyon para sa pederalismo at ang pormal na deklarasyon ng rehimeng US-Duterte ng pambansang Batas Militar na nagsisilbi sa kasapakat niyang paksyon ng naghaharing uri at imperyalistang interes. Isang pasistang diktadurang US-Duterte na higit na masahol kaysa sa diktadura noon ng kanyang idolong si Marcos ang malinaw na tinatahak upang makapanatili sa kapangyarihan.

Ang MO 32 ang pinakabago sa arsenal ng pasismo ng papet na rehimeng Duterte na sinusuportahan ng imperyalistang US. Alam ng reaksyonaryong gubyerno ng Pilipinas at ng amo nitong imperyalista na ang paglaban ng mamamayan ang pwersang pumipigil at lumalaban sa tuluyang pagkubabaw ng kapitalistang interes sa bansa. Kung kaya naman, sadyang binubuhusan ng pondo at nasa pinakamataas na prayoridad ng rehimeng US-Duterte ang panunupil sa paglaban ng mamamayan. Ang MO 32 ay bahagi ng *"whole of nation approach"* na estratehiya ng rehimeng US-Duterte upang obligahin ang pagsuporta ng pinakamaraming bilang ng ahensya at sangay ng gubyerno sa kontra-insurhensyang programa nito, takutin at hadlangan ang paglahok ng malawak na hanay ng masa sa mga lehitimong paglaban at tuluyang ihiwalay ang rebolusyonaryo at progresibong kilusan mula sa sambayanan. Susog din dito ang pagpapakana na itinuring na *"persona non grata"* ang CPP-NPA-NDF, kung saan pinipilit ang braso ng mga lokal na gubyerno para gumawa ng petisyon na suportahan ang naturang layunin. Inaprubahan at sinimulan ng ipatupad ang *RA 11055 o National ID System* na tahasang nag sistematisa sa makinarya ng estado para sa paniktik at sa pagpapaigting ng pagbusal, paggapos, at pagpapaluhod upang patahimikin ang bayang nagbabangon. Hindi rin malayo na maisabatas ang amyenda sa *Human Securuty Act*, kung saan nais palawigin ang detensyon ng mga suspetsadong *"terorista"* ng estado.

Nahigitan na niya ng ilang ulit ang bilang ng mga ekstrahudisyal na pagpaslang at paglapastangan sa karapatang-tao sa








unang dalawang taon ng Batas Militar ng idolo niyang diktador na si Marcos. Basa na ang papel niya sa masa. Balintuna siya sa pagiging progresibo at anti-dayuhan. Itinataguyod niya ang brutal at hindi makataong Oplan Tokhang ang pagpatay ng PNP sa daan-daang sibilyan araw-araw nang hindi man lamang dumaan sa *due process.* Paulit-ulit na naririnig ng publiko ang dahilang *"nanlaban"* sa ganitong mga kaso ng pagpatay. Malinaw ang malawakang paglabag sa karapatang-tao. Maging sa internasyunal na komunidad, umani na ng sala-salabat na batikos ang notoryus na Oplan Tokhang na ito. Patuloy nitong tinatanggihan at tinututulan ang isasagawang imbestigasyon ng *United Nation Commission on Human Rights* kung saan sinang-ayunan ng di iilang mga bansa na may pagkilala sa paggalang sa karapatang-tao. Ang malagim na pamamaslang na tinaguriang SEMPO sa mga magsasaka ng Negros ay lumawak ngayon sa pamamagitan ng mga mala-SEMPOng pagpatay sa mga lider ng hayag na demokratikong organisasyon at ngayon ay patuloy pang iwinawasiwas sa iba't-ibang bahagi ng bansa. Hindi makakalimutan ang sunod-sunod na pamamaslang sa mga *Human Rights Workers* sa kabikulan at brutal na pagpatay kay William Tallon, isang magsasaka/mangingisda sa Jose Panganiban at iba pang mga naunang pinaslang sa Camarines Norte na sina Lope Elnar, Ernesto Natada, Allan Casulla at Joseph Baning na pawang mga magsasaka. Hindi rin kailanman mawawaglit sa alaala ng masa sa Ragay, Camarines Sur ang malagim na sinapit ng tatlong magsasaka na sina Antonio Bonagua, Ronel Nariz at Roberto Ramos na brutal na pinaslang ng 96th IB Phillippine Army matapos silang mapinsalaan bigong pakikipagsagupa sa yunit ng Bagong Hukbong Bayan.

Sa pagmamadali at pagkagarapal niyang maitayo ang kanyang diktadura, nagpanukala at nagpatupad siya ng mga batas na malinaw na kontra-mamamayan at direktang umaatake sa interes ng sambayanan. Sa loob ng tatlong taon, ang Rehimeng US-Duterte ay mabilis na nahiwalay sa mas malawak na masa at nagkukumahog apulain ang paglala ng krisis sa pulitika. Matapos ang tahasang paninindigan sa militarismo, kinonsolida nito ngayon ang lakas ng paksyong nagtataguyod ng pasismo at neoliberalismo. Hawak niya ngayon ang Kongreso sa pagtiyak na ang naitalagang pinuno nito ay magiging sunod-sunuran sa kanyang kagustuhan. Bunga ng lansakang dayaan sa nakaraang halalang 2019 ay naipwesto niya ang kanyang mga alipures maging sa Senado. Malakas ding panigurado niya na nakalatag ang lahat ng rekisitos upang maipatupad niya ang pagbabago ng konstitusyon para sa pagiging lubusang pasistang diktador.



Nauulol si Duterte kung inaakala niyang masisindak ang masang api at pinagsasamantalahan sa pagwawasiwas niya ng todo-largang gera laban sa mamamayan. Walang ibang tatahakin ang plano ni Duterte na pormal nang maideklara ang Batas Militar sa buong bansa kundi ang tuluyang pagkabigo. Dahil ang sinumang pumanig sa imperyalismo, sa mga panginoong may lupa at sa malalaking burgesya kumprador ay kaaway ng mamamayan. Sinisingil na siya ng lumalawak na hanay ng mamamayan sa mga pangakong napako at sa pang-aatake



sa kanila. Ipinapanawagan nila ang pagwawakas sa kultura ng karahasan at pasismong ikinakampanya ni Duterte at mga militaristang alipures nito. Lumalakas ang panawagang tuldukan na ang Batas Militar sa Mindanao, itigil ang Oplan Kapanatagan at ang iba pang mapanalasang pang-aatake sa mamamayan na nakaayon sa kontra-insurhensyang disenyo ng imperyalistang US. Nagpoprotesta sila laban sa pagpapatupad ng mga neoliberal at maka-imperyalistang batas na nagpapahirap sa masa tulad ng *Tax Reform Accelaration and Inclusion Program* (TRAIN) na nagdulot ng labis na kahirapan sa ibinunga nitong pagtaas presyo ng mga bilihin at serbisyo. Nilalabanan nila ang iba pang nagpapahirap na patakaran tulad ng gubyerno-lokal na kartel na sabwatan sa presyo ng bigas, bagsak na presyo ng kopra at iba pang produktong agrikultural, imperyalistang kontrol sa presyo ng langis at mabigat na gastusin sa pabahay, paggamot, edukasyon, pamasahe, tubig, at kuryente. Nagngingitngit ang sambayanan sa pagiging bahag ng buntot ni Duterte sa pagharap sa usapin sa pinag-aagawang teritoryo sa *West Philippine Sea* kung saan patuloy ang pag-angkin ng Tsina sa mga islang sakop ng bansang Pilipinas para tayuan ng mga imprastrakturang militar nito at higit sa lahat ang pag-angkin sa yamang dagat sa *exclusive economic zone* ng Pilipinas. Kibit balikat na sinabi ng pangulo sa kanyang katatapos na State of Nation Address (SONA) na pag-aari nga ng bansa ang mga ito subalit sa kasawiang palad ay hindi tayo ang nakaposisyon, dahil dito ay wala siyang magagawa. Ito ay lansakang pagsalaula sa soberanyang pambansa. Lahat ng ito ay nagtutulak sa sambayanang Pilipino na lumahok sa iba't-ibang porma ng pakikibakang masa.

Tuluyan ng hinubad ng Rehimeng US-Duterte ang anumang pagbabalatkayo at kaiga-igayang palamuti ng pagbabago at kapayapaan na itinuran ng kanyang kampo sa pagsisimula ng kanyang pag-upo sa poder. Lantaran ang kanyang pagiging tuta, pasista at tiranikong paghaharing diktadura. Dahil sa lahat ng ito, mulat ang sambayanang Pilipino na ang tanging pamamaraan upang maipagtanggol ang interes ng nakararami ay ang manindigan para sa makatwirang paglaban ng mamamayan at ang isulong ang demokratikong rebolusyong bayan nang may ibayong kapasyahan at katatagan.

****

# Tula



## Sandata ng Rebolusyon
*ni Ka Ren*

Pandaigdigang krisis sa ekonomya
Repleksyon sa bansang nagdurusa
Buwaya'y nakaabang sa biyaya
Mula sa utang sa dayuhang kapitalista

Imprastrakturang proyekto ng pamahalaan
Tulay ng mga dayuhan upang ibaon sa utang ang bayan
Kunin ang likas- yaman, agawin ang mayamang karagatan

Trilyong kinamkam, panibagong babayaran
Solusyon sa kahirapan, bawasan serbisyong panlipunan.
Apoy na sumiklab, sa dibdib ay tumalab
Nilapastangang mamamayan
Bumabangon mula sa atake ng kahirapan

Tinuring na mga terorista
Ang tunay na nagmamalasakit sa masa
Silang nagmumulat, nagpapakilos at
nag-oorganisa
Laban sa pagsasamantala ng mga panginoo't burukrata

Sumusulong ng pambansang pagpapalaya
Tungong sosyalista
Mahigpit ang hawak sa teorya
Ng Partidong nagkakaisa
Upang pamunuan ang hukbo at masa
Sa patuloy na pakikibaka

'Yan ang CPP!
'Yan ang NPA!
'Yan ang NDF!

Hindi sila terorista
Kundi taliba at sandata
ng malawak na
masang lumalaban
sa pang-aapi at
pagsasamantala





## Si Digong at si Joma
*ni Ka Pen*



Nagkasama sa isang paaralan
Ang isa'y guro, ang isa'y
mag-aaral
Ang una'y gumuhit ng
makabuluhang kasaysayan
Ang huli'y naging anomalya sa
kasaysayan

Ngunit ang kaibahan sa tinahak na
landas
sadyang tinakda ng makauring pananaw
na nag- iba sa kanilang paninindigan
Si Joma ay isang komunista
samantalang si Digong ay isang pasista

Si Digong ay tuta ng imperyalistang US at Tsina
ibinenta pati pambansang soberanya
programang bulok at anti-mamamayan
pilit n'yang isiniksik sa masang pinahihirapan



Si Digong ay para sa interes ng
uring kapitalista
patuloy na pahirap sa masa
ang programang ipinatupad
niya
Si Joma ay isang huwarang
komunista, nagsilbing
gabay sa rebolusyonaryong
pakikibaka
sinuri kalagayan ng masa,
demokratikong
programa naibalangkas niya

Si Joma ay para sa interes ng
aping mamamayan
pinagbuklod uring
pinagsasamantalahan


Sa gabay ng teoryang MLM  naunawaan
ang siyentipikong landas ng paglaban

Parehong nagdeklara ng digma
may  magkatunggaling  pwersa
kay Digong ay reaksyunaryong lahatang digma,
na nagpapanatili ng bulok na sistema
kay Joma ay rebolusyonaryong matagalang digma,
na para sa kalayaa't demokrasya

Kaya't alam na ng inaaping  mamamayan
kung sino ang tunay na kalaban
yaong nagpapahirap sa kanilang  kalagayan
yaong nagpapanatili ng kahirapan
yaong nagwawasiwas ng walang habas na gyera't
pagpatay  sa mamamayang lumalaban!









## Kabataan

*nina Ka Jenelyn, Ka Sophia at Ka Emskie*



Tulad ng araw ang kabataan
ay puno ng init at sigla
taglay ang pag-asa
sa bawat umaga
magkaroon man ng ulap
sa isipan ay lalambong
pilit itong hahawiin upang
init ay maiparating
sistemang bumubulag sa
puso't isipan
ito'y iwawaksi upang
katotohana'y makamtan

Tulad ng puno ang kabataan
maliit palang ay dapat alagaan
upang kanyang isipan
mamulat na sa katotohanan
Taglagas man ay dumating
kabataa'y pilit na sisibol parin
kaisipan ay yayabong
huhubugin ng panahon
Berdeng dahon
kayumangging mga kahoy
nagbibigay sigla't
inspirasyon
puno'y likas na yaman
na dapat ingatan
katulad ng kabataan
na sabi ni Rizal ay pag-asa
ng bayan

Tulad ng tubig ang kabataan
ay nangangarap
tuloy-tuloy ang daloy
upang maabot ang dagat
walang tigil sa pagtitiyaga
upang mithiin ay makuha
kinabukasa'y tanawin
ng kabataang may gustong
marating
Pilit  aabutin ang mabuting
hangarin
Nais din makamtan ang
kapayapaang  inaasam

## Ako'y Kabataan
*ni Ka Maine*

Ako'y kabataang may prinsipyo't
paninindigan
handang makipaglaban para sa bayan
kaya sa aking isipan ay may taglay
na katapangan
upang baguhin ang bulok na sistemang panlipunan

Handang magsakripisyo at
maglingkod sa bayan
upang masa'y makabangon
sa pagkakalugmok
sa kahirapan

Burges na kultura ay handang kalimutan
upang taglayin ang rebolusyonaryong kaisipan
mag-organisa sa kapwa kabataan
upang sila rin ay imulat sa katotohanan
at baguhin ang burges na gawi't
kaisipan





## Maralitang taga-lungsod
*ni Ka Yuri Makauri*

Hindi pa man bumubukang-liwayway
'di na s'ya magisnan,
Iniikot na ang mga lansangan
upang mangalkal sa mga basurahan
Yaon ang kanyang katauhan
huwaran s'ya sa kasipagan,
Lumilikha lagi ng kabuhayan
upang may maiuwi sa dampa nyang
tirahan

Inabutan ng pagsikat
ng haring araw,
Hindi n'ya ibig maabala, sa kanyang
pamumulot ng mapagkakakitaan sa
basura
Dumako s'ya sa sulok
sa ibabaw ng kareta
kakainin ang kanyang baon
asin lang ang ulam n'ya
Kahit man lang ang langit
ay di s'ya naalala
Sa karangyaan siya'y hubad
pinagkaitan ng saya at ligaya
Sa kaluwagan ay ulila
walang kupas sa paglikha
upang may mapagsaluhan ng
kanyang mahal na mag-ina

Uri mo'y ikinukubli
'di ka nila ibig ipakilala,
ayaw ka nilang mamulat
hindi gustong matuto ka
Upang sa habang panahon,
manatili ka lang sa pagdurusa
Kapag tuwing eleksyon, 'Yan!
ang pakinabang mo sa kanila

Anong laking sakripisyo

ang sa iyo'y
pinapapasan,
At kapag
kumontra, bugbog
o piitan
sa pasista'y
mararanasan
Saan na lang ba
tutungo?
ang mga pobreng
katulad mo
Kaysaklap ng
kapalaran
sa palad na sinapit
mo




Kung hindi sa'yo gobyerno
ikaw lagi ang dahilan,
Wala ka nang ibang inatupag,
mamulitika, magpaguwapo at
magpayaman

pulang kapangyarihan sa kanayunan,
muog ng nakararami
sa piling ng mga kauri
kaylan ma'y hindi magpapagapi
mula dito, makibaka sa mga taksil na
palalo, at ang magandang
kinabukasan ay itayo
Ikaw maralita, ukitin mo nitong
balang kumukulo
Ang ngalan ng maralitang lungsod,
ang bayaning 'di tanto...
Sa kasaysayan,  anakpawis
ang  gaganap
Halina maralita... bumangon, gumanap!
Sama-samang maglakbay
Kapit bisig tungo sa sosyalistang tagumpay!





## Magpatuloy at Baguhin ang Lipunan

*ni Maya Daniel*

Nandito tayo muli
Sa naiwang amoy
Ng mga sunog na gulong
Ang alingasaw ng mga patay at nabubulok na daga
Ang malalaswang salita ng mga trapo
Na kasuklam-suklam at nakakasuka,
Iningangawngaw nila ang dumi ng kanilang kaisipan
Mga matamlay na boses na nananalita ng kahungkagan
Tungkol sa kahirapan at gutom, kawalan ng lupa
At trabaho, pangangalakal
Sa mga musmos
Kawalan ng katarungan at pananagutan, mga armadong
labanan—
Ang kabundukan, patag at kalunsuran
Ay sumisikdo sa kahandaang maghimagsik
Kailangang may mangahas na tipunin ang libu-libong
Mga paa upang tapikin  at yanigin ang lupa
Basagin ang kahibangan ng eleksyong burges
Tayo'y  sumulong, magpatuloy at baguhin ang lipunan.

Ambag ni Maya Daniel, isang manunulat ng mga
rebolusyonaryong akda, mula sa Panay
(mayadaniel.wordpress.com)



## Pagkadapa at Pagbangon

*ni Ka Hanna*

Umagang kay ganda!
ngunit parang saiyo'y napakabigat na
dalawang tuhod mo na lumapat sa lupa
katawan na pilit itinatayo ngunit gustong humiga
naudlot ka sa ganyang sistema

Maraming bubuyog na sa iyo'y bumubulong
ngunit hindi mo ito ininda
mga huni ng problema, daig pa ng sistema
sa bigat ng iyong pinapasan ikaw ay bumagsak sa lupa
puno ng putik ang iyong mukha
itsurang hindi maipinta, laging tanong, kailan ba ito matatapos?
sumagot ang dahon, puno at tubig, patak ng ulan tumulo na
hiyawan ng mga palaka naririnig mo na. Saglit tapos na.

Ngunit nagsisimula pa lang
Tapos na ang buhay ng ilan, Andress Bonifacio, Jose Rizal,
buhay inilaan para sa bayan
Ngunit saan napunta? kinalimutan na nila
hirap , dugo, pawis, lakas, buhay ibinuwis
hinagpis mo at ng buong bayan, diringgin ba nila?
kurbadang linya na itinuwid mo bakit kailangan sirain pa nila?
ang baho ng hininga, sumasabay sa daloy ng hangin, kalat na
mapipigilan mo ba?
'di ba, hindi? dahil dito kailangan mo sila
kailangan mo ng kasama, kakampi, lalaban para sa isang layunin
tunay na kapayapaan ang iyong hanap, ngunit tugon ng
estado'y karahasa't panunupil

Patanghali na, unti-unting bumabangon sa pagkakadapa, nasaan
na? nasaan na sila?
hawak ang gatilyo ng baril, ito'y ipuputok na
ito'y isang musika na ayaw mo pakinggan
Bang! Bang! Bang! putok na gusto mong pigilan
ngunit ika'y masasaktan
parang kulog na mula sa kalangitan na pilit mong iniiwasan
baka ika'y tamaan
walang hudyat kung kailan magsisimula
basta ang tanong mo, makakabangon pa ba ako?
maraming yabag ng paa ang naririnig, papalapit at tiyak na
ika'y papaslangin
nang biglang lumakas ang iyong binti, saan ito nanggaling?...
sa masa na sumusuporta saiyo,
dahil naiintindihan ka nila, kung anong pilit mong ipinaglalaban
ngunit may ilan pang hindi sang-ayon sa iyong adhikain
hayaan mo makakabangon din sila
sa pagkakalugmok sa kasinungalingan
na kanilang kinagisnan
Nabibingi,
nabubulag tayo,
sa balita sa radyo, sa telepono, sa social media
na taliwas sa katotohanan
mga taong sumisigaw ng karapatan, nakikipagsagupaan
para sa kalayaan at demokrasya ng ating bayan

At ngayon, gabi na
hayan nakatayo ka na mula sa pagkakadapa
at alam mo na kung ano ang ipinaglalaban natin
'yon ay ang sabay-sabay na pag-angat
pagtayo at paglaban
mula sa pagkakadapa
harapin nating muli ang umaga
na masikhay na nakikibaka!



## Sandatang Edukasyon
*ni Ka Ano*

Tuwina'y galak nadarama sa pag-anib
sa Bagong Hukbong Bayan

Ako'y taas nuong haharap, buong tatag
lakas-loob upang pandayin aking isipan

Ako'y isang pulang hukbo sa pamumuno
ng Partido Komunista ng Pilipinas
Buong puso, tatag, sumumpa sa bayan

Pansarili di pansin, pagod, uhaw,
panganib handang harapin

Ako'y masayang naglilingkod
sa masang anak-pawis
sandata koý edukasyon upang isipa'y pandayin
sa aking armadong pakikibaka, pag-aambag









## Pulang Hukbo
*ni Ka Andoy*



Pilipino ako sa isip, sa puso
bayan ko'y sagana sa likas-yaman
ngunit inagaw ng mga dayuha't mapagsamantalang uri
sa lipunang aking kinamulatan

Halina't tunghayan Bagong Hukbong Bayan
nagpupunyagi't nagtatanggol ng ating karapatan
walang anumang sahod o benepisyo,
naglilingkod ng buong-puso alang-alang sa inang bayan

Sila ang hukbong makabayan,
makasaysayan ang bawat paghinga't paglakad sa
kabundukan
sa gitna ng dilim, panganib
sila'y buong puso't tapang na humaharap
sa anumang balakid

Kaya tayo'y makiisa, makibahagi't makialam sa
kanilang dakilang layunin

## Ang Hukbo


*ni Ka Roldan*

Ang hukbo ang sandigan
ng aping mamamayan
sa landas ng paglaban
masa'y ating kanlungan

Hindi tayo  titigil
sa paghawak ng baril
hangga't di nagagapi
ang mga mapanupil

Kahit tayo'y mamatay
sa pakikipaglaban
nakahandang ialay
tanging buhay sa bayan

Sa lahat ng gawain
ay ating patatagin
tuwina ay isipin
marangal na layunin



## An Buhay kan NPA

*ni Ka Andrie*

An buhay kang NPA digdi sa bulasan
an mga kagat kan noknok asin lamok, pinagtitiosan
maisulong lang ang satuyang ipinaglalaban

Maski abuton pa man nin tag-uran
maski grabeng lipot sa postehan
kakayanon ang sakripisyo makamtan lang ang kalayaan
kang satuyang banwaan

Kaya ako nangangapudan
sa satuyang mga kabataan
na sumapi kita sa Bagong
Hukbong Bayan
para ipaglaban an
satuyang mga karapatan
ta wara nang ibang
makakaresolba
kan satuyang kapagtiosan
kundi kitang mga bagong
henerasyon
nin kabataan



<u>SALIN</u>

Ang Buhay ng NPA

Ang buhay ng NPA dito sa kabundukan
ang mga kagat ng niknik at lamok, pinagtitiisan
maisulong lang ang ating ipinaglalaban

kahit abutin pa ng tag-ulan
kahit sobrang lamig sa postehan
kakayanin ang sakripisyo makamtan lang ang kalayaan
ng ating bayan

Kaya ako'y  nananawagan  sa ating mga kabataan
na sumapi tayo sa Bagong Hukbong Bayan
para ipaglaban ang ating mga karapatan
dahil wala ng iba pang makakalutas
ng ating kahirapan
kundi tayong mga bagong henerasyon ng kabataan

## Aking Amang Pulang Mandirigma

*ni Ka Jenelyn*

Noong ako'y bata pa
ako'y nagtataka
kung ano ang aking ama
may baril s'ya
eh, hindi naman s'ya sundalo
tulad ng aking nakikita

Ako'y nagtataka kung saan s'ya pumupunta
palagi s'yang wala at minsan lang namin nakikita

Hanggang sa ako'y nagdalaga na
sagot hindi pa rin nakukuha
ngunit sa pamamagitan ng aking ina
unti-unti namulat ang aking mata
ang aking ama pala ay isang pulang mandirigma

Ngayo'y aking naiintindihan
na kailangan niyang lumisan
para sa kapakanan ng bayan
kailangan niyang lumaban

Aking amang pulang mandirigma
ako sayo'y hangang-hanga
sana'y mag-ingat ka palagi
dahil ayaw kitang mawala



## Salamat, Kasama

*ni Ka Annie*

Salamat sa'yo kasama,
ako'y iyong iminulat, pinagpunyagi't binangon

Buhay mo't dugo, idinilig sa lupa
upang tagumpay maabot, makamtan

nagdadalamahati't nagpaparangal
sa pagpanaw mo't paglisan...

Sa ngalan mo kasama't pulang mandirigma
buong sikap, magtatanggol,
laan kay inang bayan

Hayaan mo, kami'y 'di patitinag
sa berdugong militar, buong tatag,
tapang, haharap

Hukbong bayan handang
magtanggol
dudurugin nang tuluyan ang
pasistang kaaway



## Isipang Nakapiit


*ni Ka Roel Villanueva*

Ang palakang nasa balon, kaisipa'y nakabaon
mayro'n lamang limitasyon ang tanaw at imahinasyon
maliit na kalangitan ang lagi n'yang natatanaw
ni liwanag ng buwan kay bilis na lumisan

Umaga ay anong ikli, liwanag ay ilang sandali
ang gabi ay makaikbi sa haba ay pwera bali
di matanaw itong ganda walang makita yaring mata
maliban lang sa langit na kasing lawak ng isip n'ya

Sa paglipas ng panahon ang ulan ay dumaluyong
tubig ay natipon, napuno itong balon
palaka ay nakawala  sa nakita ay namangha
umaga pala ay kay haba, malawak pala itong lupa

Tama lamang itong dilim, di mabilang mga bitwin
mas lumawak ang paningin, mas dumami ang tanawin
Ngunit halina mga kasama, pag aralan itong digma
nang makita itong ganda ng lipunang SOSYALISTA







## Dala ay Tagumpay

*ni Ka Imee*



Sa aking pagtahak dakong kabundukan
Di lubos maisip kung ito'y pasaan
Pagod, hirap sa paglakad inda'y kinalimutan
Mithiing nais ko'y dapat magtagumpay

Ang aking pag-alis lingid sa aking kasambahay
Sa aking pag-uwi pagtura'y saka nalang
Sa aking paliwanag tiyak maiintindihan
Pagka't ang dala ko'y dunong at kaalaman
Sa mga pag-aaral na aking natutunan
Paglaban at pag-iwas aking nawatasan

Sa aking mga guro maraming salamat
kaalama' y  dumagdag sa buod at ugat
sa pakikibaka na kawing ang lahat
Huwag mag-alala ako'y magbabalik
upang ipagpatuloy ang pananaliksik
sa mga mithiin na dapat makamit
Sa ating tagumpay, hukbo'y mananaig

Sa mga kasama di na isa-isahin
Huwag kalimutan GK* na kami na dapat ikawing
Sa aming pag-alis iiwan ay bilin
Durugin ang kaaway subalit ingat din
Kami'y magbabalik upang paigtingin
Disiplina ng hukbong bayan dapat paghariin

Mga kamag-aral huwag kalilimutan
Ang pinag-aralan, isulat, tuwina'y buklatin
Di lang minsan-minsan kundi'y palagiin
Nang di malimutan, ang aral ng Partido
at lahat ng kawing

Magkakahalintulad ang ating damdamin
Pagkawalay sa pamilya'y di madaling gawin
Yayakapin ang mga anak, magulang ganon din
Sa minsang pag-uwi hakbang ay ingatan
baka ang kaaway laging nakaabang

Subalit kung ang buhay natin, ay dapat ialay
sa pakikipaglaban dapat magtagumpay
Laging isa-isip MLM na aral
Nang di magkamali at bandila ng
Partido ating iwagayway

Sa amin ding bayan aming hihimukin
aral ay ibibigay, tulad ng sa amin
Kahit anong tigas ng mga damdamin
Sa aming paliwanag, tiyak lalambot din

*GK-Ganap na Kasapi ng Partido*

*(Tula na nalikha ng galing sa kalunsuran na dumalo sa pag-aaral sa isang sonang gerilya)*







## Reseta

*ni Ka Venus Saturno*

I
Nang ako ay namulat at
naorganisa
napakilos bilang isang
aktibista
nabigyan ng mga pag-aaral
sa pulang paaralan
makabuluhang teorya ay
nakamtan



Lubos na naunawaan mga
ugat ng kahirapan
ng aping mamamayang
pinagsasamantalahan
nakagapos ang kalayaan,
nakapiring ang katarungan
sa kontrol ng tatlong salot sa
lipunan

Manggagawa ang tagapaglikha ng yaman ng bansa
burukratang kapitalista ang nagpapasasa
magsasaka at mangingisda
ay di makahulagpos sa pyudal na sistema
sobrang krisis ang nararanasan nila

Ngayon alam ko na ang sagot
sa tanong na ako ay *"para kanino?*
para sa nakakaraming inaapi
Kaya isusulong matagalang digmang bayan
sa pagkamit ng sosyalistang lipunan

II
Nang panahon ng ako ay nakikibaka
lumahok sa rebolusyonaryong kilusan
mayamang karanasan ay natutunan
nagluwal ng mga ideya dagdag kaalaman
armas ang teorya, sandata ng kaisipan

Salamat sa mga kasamang abante sa ideolohiya
nang dahil sa kanila ako'y natuto na
ganundin sa mga kasamang matiyagang pumupuna
at di kumukunsinti sa mali at sala

Aking napagtanto at ako ay nagwasto
naisip ko sa ideolohiya ang sakit ko
puna ng kasama ay isang reseta
gamot sa kahinaang tinataglay ko

Sa mga balakid at mga suliranin
sa mga kabiguan at kahinaan din
matatag ko itong haharapin
alam kong may kasamang dadamay sa akin

Sa tagumpay na nararanasan
patunay na matatag ang paninindigan
sa pagsapol ng aking natutunan
prinsipyo at disiplina aking tatanganan







## Para sa mga Kasama

*ni Ka Criselda*

Minsan
mahirap magpadikit ng apoy
dahil sa iba't ibang katangian
ng pangggatong
may madaling lumingas
may matagal
may mabilis
pero madaling maupos



Pinag-aralan kong mabuti
paano nga ba magpalingas ng
apoy
na sadyang makakaluto
ng masarap at nakakabusog

Nalaman ko
dapat hindi hiwa-hiwalay
ang panggatong
tamang salansan
sapat ang espasyo ng bawat isa
para makapasok ang hangin
dahil kapag walang hangin
mahihirapang maglingas

Kapag tumigil ang paglingas
konting paypay lang
hanggang muling sumindi
hindi pwedeng puro paypay
dahil hindi na ito magkukusang
maglingas

Kapag talagang mahirap
palingasin
kailangang may bao
sa taglay nitong init
ang ibang malamig na kahoy
ay mapapaliyab din

Huwag ko rin daw
galawin ng galawin
dahil ang dati ng may lingas
ay mawawalan din

Higit sa lahat
huwag na huwag
sabuyan
ng tubig
dahil matagal bago
mapalingas uli

Dahil  sa natuto na akong
magpalingas ng apoy
alam ko na rin ang buhay
kolektibo









**Mga Larawan Ng BKPM Crashcourse**

# Reportahe

## Nagpapatuloy ang Tumitinding Militarisasyon sa Kanayunan




Walang tigil ang militarisasyon na naninibasib sa kanayunan. Tila asong ulol ang Rehimeng US-Duterte para patuloy na gipitin ang mamamayan sa kanayunan na higit pang pinahihirapan ng patuloy na paglala ng krisis pang-ekonomya.

Matatandaang isinailalim sa *Combat Peace and Development Operations* (CPDT) mula pa noong unang kwarto ng taong 2018 ang mga bayan sa Camarines Norte, gayundin ang mga bayan sa Unang Distrito ng Camarines Sur noong ikatlong kwarto ng 2018. Ang mga bayang ito ang bumubuo ng Hangganang Quezon-Bicol. Estratehiko ang lugar na ito para sa kaaway. Dito din naganap ang matatagumpay na taktikal na opensiba ng BHB na tumapos sa paghahambog ng AFP na *"conflict manageable"* na raw ang Probinsya ng Camarines Norte. Dahil dito ang QBZ ay isa sa mga pinukusan ng pinatinding militarisasyon sa layuning pahinain ang lakas ng rebolusyonaryong pwersa.

Bago nagsimula ang CPDT ay nagkaroon muna ng sapilitang pagpapapirma sa mga lokal na yunit ng gubyerno sa *Memorandum of Understanding* (MOU) para palabasing katuwang nila ang lahat ng lokal na yunit gubyerno at lahat na sibilyang ahensya na kusang-loob na pumaloob at suportahan ang kanilang





kontra-insurhensyang programa. Sa Camarines Norte, mula ng magkaroon ng operasyong PDT ay nagsimula na ang mahabang listahan ng paglabag sa karapatang-tao. Ilan sa mga ito ay ang paggamit ng barangay hall, health center para magsilbing base nila sa baryo. Karaniwan na rin ang pagtira sa mga bahay ng masa na nasa sentro mismo ng baryo. Ang iba pang mga lansakang paglabag sa mga karapatang-tao ay ang ilegal na pag aresto, tortyur dahil sa paulit-ulit na pag-imbestiga sa mga taumbaryo para pilitin silang magbigay ng impormasyon tungkol sa rebolusyonaryong kilusan, pagsampa ng gawa-gawang kaso sa mga lider ng kilusang masa. Isinasangkot nila ang mga lider-masa sa mga taktikal na opensiba ng BHB at inakusahan ng mga gawa-gawang kaso. Dagdag pa sa mga paglabag ay ang pagsira sa propyedad ng mga sibilyan, pagkontrol sa pangkultura at pang-ekonomyang aktibidad ng sibilyang populasyon.

Sadyang makapal ang mukha ng AFP, sa kabila ng kanilang lansakang paglabag sa mga karapatang-tao ay nag-aasta itong tutulong para din umano sa kapayapaan at pag-unlad ng mga baryong kanilang target para lunsaran ng Community Support Program (CSP). Subalit, anumang panlilinlang ang gawin ng militar, sariwang-sariwa pa sa gunita ng masa ang malagim na pagpatay ng 96th IB Philippine Army sa 3 magsasaka sa Baranggay Patalunan, Ragay Camarines Sur noong Mayo 2018 na sina Roberto Ramos, Ronel Nariz at Antonio Bonagua. Matatandaang dumanas sila ng malupit na pagpapahirap bago pinatay na nahantad sa kanilang mga labi na nahukay makalipas ang mahigit isang buwang paghahanap sa kanila ng kanilang mga naulilang pamilya. Ang isa sa kanila ay may palatandaang inilibing pa ng buhay. Ang naganap na masaker sa 3 magsasaka ay matapos ang naganap na engkwentro sa pagitan NPA at ng bagong buong 96th IB PA, kung saan nagkaroon ang militar ng 2 kaswalti, Isa pang tampok na kaso ng paglabag sa karapatang-tao ay ang ilegal na pag-aresto sa 4 na magsasaka sa Brgy. Baya, Ragay Camarines Sur. Pinaghukay sila ng di umano'y lilibingan sa kanila habang ipinasasailalim sa matinding interogasyon. Dahil sa maagap ng *"operasyong habol"* ng mga kapamilya at kababaryo ay napilitang pakawalan sila ng militar sa liblib na lugar na hindi man lang ligtas na ibinalik sa kanilang tahanan. Matapos ang ilegal na pag-aresto , paulit-ulit na tinanggihan ng kaaway ang kanilang ginawa, kahit na malinaw pa sa sikat ng araw na sila ang dumukot

sa mga sibilyan. Sa Camarines Norte naganap ang mala-tokhang na pagpatay sa mga magsasaka na sina Lope Elnar, Ernesto Natada , Allan Casulla at Joseph Baning. Ang pinakahuling kaso ay ang brutal na pagpaslang kay William Tallon, isang magsasaka/ mangingisda sa Jose Panganiban.

Ang kasalukuyang *retooled Community Support Program Operations* (CSPO) katulad ng mga nauna pang RSOT (*Re-engineered Special Operations Team*) ay bahagi ng kontra-insurhensyang Oplan Kapanatagan ng Rehimeng US-Duterte. Lagi't laging nasa laman nito ang triad operations (*civil military operations, Intelligence operations at combat operations*) ang huwad na iskemang alisan ng baseng masa at ihiwalay ang rebolusyonaryong kilusan sa mamamayan. Kakambal at sumusuporta ito sa Focus Military Operations sa mga pangunahing target ng AFP na mga Larangang gerilya. Binuo rin kamakailan ang AFP at PNP Joint Task Force Campaign para umano'y wakasan ang Local Communist Insurgency. Ang mga ito ay nasa balangkas ng *"whole of nation approach".* Kaugnay nito, pinipilipit ng AFP ang braso ng mga Local Government Units (LGUs) para gumawa ng resolusyon para ideklarang Persona Non Grata ang NPA kabilang na ang lahat na mga pambansa-demokratikong organisasyon. Labag ito sa kalooban ng karamihan ng nasa LGUs dahil may mahabang kasaysayan ng integridad sa pulitika ang rebolusyonaryong kilusan. Dapat ubos kayang ilantad at labanan ng mamamayan ang walang habas na paglabag sa karapatang-tao at ang paghahalihaw sa sibilyang populasyon ng mga pasistang militar sa ilalim ng papet , diktador at tiranikong Rehimeng US-Duterte.








# Persona Non Grata Nga Ba?



Kamakailan lang ay nagpakana ang papet at pasistang Rehimeng US-Duterte na ituring na persona non grata ang Bagong Hukbong Bayan. Bago pa nito ay kinansela na niya ang pormal na usapang pangkapayaan sa *National Democratic Front* kasabay ng pagdedeklarang teroristang grupo ang CPP-NPA-NDF. Liban sa kawastuhan ng kanilang adhikain at mga ipinaglalaban, ano at sino nga ba ang mga rebolusyonaryong hukbo sa mata ng kanilang pamilya?

*Amang Suportado Ang Anak

*Dear Papa,*

*Una sa lahat, binabati kita ng magandang araw. Kumusta ka na po sana'y ayos ka lang at lagi kang ligtas sa anumang trabaho na iyong ginagawa.*

*Masyado mang baduy kasi hindi naman tayo sanay na ganito, pero gusto ko lang sabihin saiyo na maraming salamat sa pagpapaaral sa akin at sa walang sawang pagsuporta sa bawat ginagawa ko laluna sa pagkamit sa mga pangarap ko. Malapit na akong mag graduate sa Grade 12. Pang ilang graduation ko na ito. Hinihiling ko na sana ikaw ang mag-abay sa akin. Kasi mula elementary, moving-up sa high school at ngayon nga mag-gagraduate sa senior high school hindi ikaw ang kasabay ko sa pag-akyat sa stage.*

*Karamihan kasi kapag graduation ng anak na babae, tatay ang nag-aabay.Pero naiintindihan ko nandyan naman si Mama. Si Mama na gumagabay sa amin at unti-unting pinapaintindi ang sitwasyon na hindi sa lahat ng oras ay nandiyan ka sa tabi namin. At unti-unti naman akong namumulat sa sitwasyon natin. Bilang anak proud ako sa'yo. Para sa akin isa kang sundalo, bayani rin, mali man sa iba, mali man sa mga kaibigan ko pero ipinagmamalaki kita. Di ko man pwedeng ipagsigawan na ganyan ka pero ikaw ang bayani namin nina Mama. Proud ako dahil ikaw ang naging Papa ko. Mahal na Mahal po kita.*

*Nagmamahal,*
*Jenelyn*

*Amang Mabait At Pantay Ang Pagtingin Sa Kanyang Mga Anak

*Ang aking ama 'yong kilala kong masipag mabait at matulungin sa ibang tao. Thankful ako... kasi siya yong naging Papa namin. Siya 'yong ama na kapag pasaway kami hindi n'ya magawang magalit at ang pinakanagustuhan ko sa kanya ay pantay-pantay yong binibigay n'ya sa aming magkakapatid, kahit paano nagmana din ako sa kanya. Habang tumatagal mas close ako kay Papa, mas gusto kong kasama siya kasi tahimik siya.*

*Simple lang ang pamumuhay namin kahit ang sitwasyon namin mahirap kumakain kami tatlong beses sa isang araw. Ngunit isang araw nalaman kong dedestino ang army o militar sa lugar namin, syempre wala kaming choice kundi tanggapin namin 'yong sitwasyon ng paghihiwalay na naman namin sa piling ni Papa. Pero di naman 'yon bago sa'kin dahil naman sa seguridad n'ya. Ngayon inaasahan ko na sa ganitong sitwasyon na kahit minsan lang kami nagkakasama-sama, importante di nawawala ang komunikasyon.*

*Kahit anak ako ng NPA hindi ko kayang ikahiya ito dahil ito na 'yong buhay ng aming pamilya mula sa una hanggang sa ngayong henerasyon ng aming pamilya. Bilang anak naiintindihan ko ang sitwasyon na ganito, mas ako 'yong nakakaintindi kasi ako tanggap ko kung ano ang buhay namin ngayon. Naiintindihan ko kung ano 'yong ipinaglalaban nila, iyon ay para sa pagbabago ng sistema ng gobyerno.*

*Yna*

*Amang Mabait, Masipag At Mapagmahal

*Dear Papa,*

*Una sa lahat binabati kita. Maraming salamat po sa lahat. Maraming salamat po dahil kayo ang naging tatay ko na mabait, masipag at mapagmahal sa aking mga kapatid. Kayo ang the best kong tatay. Sana mag-ingat po kayo dito. Salamat po sa pag-aalaga sa aking mga kapatid, salamat po sa sakripisyo para sa amin.*

*Nagmamahal,*
*Emskie*

*Amang Nirerespeto Anuman Ang Piniling Kasarian Ng Kanyang Anak

*Sabi nga nila ang ama ang haligi ng tahanan, kaya kailangan mong maging matibay para sa pamilya mo. Para sa amin alam ko na ikaw ang pinakamalakas na tatay sa lahat, dahil sa daming nangyari sa buhay mo, sa buhay natin, ngunit nandiyan ka pa rin nakatayo at nandito ka pa rin sa tabi namin ginagabayan kami ng mga kapatid ko sa mga maling desisyon namin. Hindi ka man naging perpektong ama sa amin ng mga nakaraan taon, gusto kulang na malaman mo na naiintindihan na kita, dahil sabi nga nila wala naman perpektong tao sa mundo... 'di ko man ito masabi in -person gusto ko lang malaman mo Papa na proud ako na ikaw ang tatay ko. Salamat sa pagtanggap mo sa akin na ganito ako (may piniling kasarian), salamat dahil tinuring mo akong isang prinsesa. Malayo ka man sa amin ngayon ay naiintidihan ka namin sa trabaho mo. Lagi mong tatandaan, Pa, na nandito lang kami naka suporta sa trabaho mo, thank you po sa inyo ni Mama.*

*Nagmamahal,*
*Pia*

*Amang May Marangal Na Layunin

*Para saiyo Tatay,*

*Una sa lahat, proud na proud po ako na ikaw ang naging ama ko. Kung pwede lang nga ay ipagsigawan sa buong mundo kaso hindi dahil nga ganyan ang trabaho mo. Pero gusto ko din pong malaman n'yo na hindi ako hahadlang sa kung ano ang ipinaglalaban ninyo.*

*I 'll gave my all suport to you because I know na ginagawa mo ito hindi lang sa sarili mo kundi para sa pamilya natin at pati narin sa ibang tao para magbigay alam patungkol sa tamang daan.*

*Lakas, pawis at talino ang inialay mo dito. Kaya ako saludo sa'yo. Matatag ka, napakadami mong problemang kinakaharap pero nagagawa mo pa ring tumawa at magpasaya ng iba kaya gustong-gusto kong sabihin na ikaw ang pinaka- da- best sa lahat--mapagtimpi, mapagpakumbaba, mapagmahal deserving na alagaan at pahalagahan.*

*Papa, maraming-maraming salamat po sa lahat ng sakripisyo mo sa amin at mahal na mahal po kita at suportado po ako sa'yo. Pa, alam ko po na mabuti kang tao, alam ko po ang sakripisyo mo para sa ating pamilya. Alam ko rin po na marami ka pang tao na matutulungan.*

*I love you po ingat lang po lagi 'wag ka po magpapalipas ng pagkain. At wag ka pong mag-isip ng kung anu-ano ang isipin mo lang po maraming nagmamahal sa'yo at isa na ako doon.*

*Ang iyong anak,*
*Hannah*

Ngayon sino nga ba ang tunay na mga terorista at dapat ituring na persona non grata?





# Patuloy na Pagdausdos ng Kabuhayan ng Magkokopra, Pananagutan ng Pasista at Papet na Rehimeng US-Duterte.

Nagpapatuloy ang kawalang kakayahan at kainutilan ng Rehimeng US-Duterte sa patuloy na pagbaba ng presyo ng kopra dulot ng kawalang programa para sa pambansang industriya. Nananatiling nakasandig ang bansa sa pagluluwas ng hilaw na materyales at pag-import ng yaring produkto . Wala ni kailanman sa hinagap ng estado na tumindig sa sarili nitong mga paa.Sa kabila nang lumalakas na panawagan ng mga magniniyog na itaas ang presyo ng kopra, Nananatiling bulag at bingi ang pangkating Duterte sa tunay na pagresolba ng kanilang mga karaingan. Higit sa lahat, patuloy na naghahari sa industriya ng niyog at sa pandaigdigang pamilihan ng mga produktong galing sa niyog ang imperyalistang US.

Sa panunungkulan ng Rehimeng US-Duterte, mula sa dating P40/kl ay mabilis na bumulusok ang presyo ng kopra hanggang P13/kl. Higit na mababa pa ito kung sa maliliit na kumprada sa mga baryo. Dagdag pa, isa ring pahirap ang napakataas na porsyento sa resiko (moisture content) na wala namang ginagamit na moisture meter. Nariyan din ang daya sa timbangan, daya sa timbang ng sako at porsyento sa mga pautang ng kumprada at iba pang institusyong pampinansya. Binabalikat din ng mga magniniyog ang iba't ibang pyudal at mala-pyudal na pagsasamantala tulad ng kawalan ng lupa, mataas na upa sa lupa, hindi makatwirang partihan sa produkto at mababang pasahod sa manggagawang bukid.

Nararapat lamang na itaas ang presyo ng kopra, alisin ang labis na singil sa resikada at iba pang daya gaya ng labis na timbang ng sako at di pagbayad sa mga putal na timbang ng kopra. Dapat papanagutin ang Rehimeng US-Duterte sa pagpapatupad ng mga anti-mamamayang batas pabor sa ilang naghaharing-uri at imperyalistang US. Ipatupad ang tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon.

# Gintong Anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas, Ipinagdiwang!



Naging matagumpay at makabuluhan ang pagdiriwang sa Probinsya ng Ika-50 anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas noong nakaraang Disyembre ng 2018. Para mangyari ito nagkaroon ang mga kasama ng mahaba-habang paghahanda para salubungin ang gintong anibersaryo ng mahabang kasaysayan na nilakbay ng Partido sa pagsusulong ng rebolusyon. Ang tema sa pagdiriwang ay "Baybayin ang kasaysayan, palaganapin ang mga aral at kamtin ang higit pang pagsulong".

Hunyo 2018 nang magsimula ang preparasyon ng mga kasama sa Probinsya. Nagpadalo ito ng mga kasamang magiging tagapagsanay sa kultura para sa pagdiriwang. Bahagi ng paghahanda ang isang dula na naglalarawan ng rebolusyonaryong kasaysayan ng Bicol mula sa panahon ng pagpupundar hanggang sa panahon ng pagpapalawak at pagpapalakas. Matuto sa mga naging karanasan at maipalaganap ang mga aral para sa patuloy na paglaban ng malawak na mamamayang inaapi at pinagsasamantalahan. Sa bahagi ng Probinsya, bilang ambag sa pagpapalaganap ng pyesa, Oktubre noong nakaraang taon ay sinimulan ang paghahanda para sa mga gamit na materyal na gagamitin para sa produksyon ng mga pangkulturang pyesa. Tinukoy at inihanda ang mga artista na bubuo para sa inihahandang produksyong pangkultura.

Buwan ng Nobyembre nang simulan ang pormal na pag-eensayo ng mga artista para sa mga pangkulturang pagtatanghal. Umabot sa dalawampu't dalawa ang kalahok na halos lahat ay baguhan sa gawaing pangkultura. Sa umpisa ng pagsasanay, karamihan ay nahihiya pang ilabas ang kanilang mga talento. Sa unang pagkakataon ay nagkaroon ng tipong *"auditon"* para makalugar ang bawat kalahok sa kanilang gagampanang papel, tulad ng pagsayaw, pag-awit at pag-arte. Sa proseso ng pagbubuo ng dula ay regular na nagkaroon ng pagtatasa para makita kung paano pa higit na papaunlarin ang mga pyesang itatanghal.

Nagkaroon ng ilang ulit na pagtatanghal ang mga kasama gamit ang nabuong pyesa. Naipalabas ito sa pagtatapos ng pagsasanay sa medikal at maging sa pagtatapos ng pag-aaral sa BKP na ginanap din sa panahong iyon. Ubos kayang nagtanghal at nagpakita ng kanilang kahusayan ang mga kasama sa pagdiriwang ng anibersaryo. Hindi nila inalintana ang malakas na buhos ng ulan. Masaya ang mga artista, masa at kasama na nakasaksi sa okasyon dahil sa unang pagkakataon ay nakapagpalabas ng isang malaking produksyong pangkultura para sa pagdiriwang ng isang napakahalagang yugto sa buhay ng Partido sa Probinsya. Maliban sa mga pangkulturang pagtatanghal ay inalala din ang lahat ng martir na nag-alay ng kanilang buhay para sa rebolusyon. Mayroon ding mga tagapagsalita sa okasyon, nagtalakay upang isalarawan ang mga nakamit ng Partido sa pagsusulong ng armadong pakikibaka, rebolusyong agraryo at pagtatayo ng base. Para maipalaganap ang mga ito ay minabuti din ng Probinsya na maglabas ng espesyal na isyu ng Tilamsik na patungkol sa gintong pagdiriwang ng Partido. Ang pagdiriwang sa gintong anibersaryo ng Partido ay pagtitibay din ng kapasyahang isulong ang rebolusyon hanggang sa ganap na tagumpay.






**Mga Larawan ng Pagdiriwang sa Ika-50 Anibersaryo ng PKP**





# Maikling Kwento

## Bisita

*ni Jenelyn*



Adventurous akong tao, i want to try something new. Kaya nga nang niyaya ako ni Mama pumayag naman ako. kaso nga lang kahinaan ko talaga ang maglakad ng malayo. Kasi di naman ako sanay, bahay at school lang naman ang pinupuntahan ko. So 'yon sinabi din sa akin ni Mama na malayo nga ang lalakarin. But, nangibababaw sa'kin yung kagustuhang may matutunan na bago at the same time may matutunan na rin. So, iyon di ako nadiscouraged na sumama.

Maaga pa nang umalis kami ng bahay nina Mama at dalawa pang kabataan. Sumakay kami ng tricycle at jeep, pagkatapos kumain kami nang sandali. Pagkatapos naming kumain ay sumakay na kami ng bus. Napakainit at nakakahilo. Bumaba na kami ng terminal at sumakay uli ng Jeep papunta sa barangay kung saan kami pupunta. Tumuloy kami sa isang bahay ng masa sa lugar. Pinameryenda kami. Pagkameryenda namin ay dumating na ang dalawang tao na maghahatid sa amin. So, nagsimula na kaming maglakad. Noong una okey pa kasi pantay pa ang daan, pero noong pataas pababa na 'yong daan nakaramdam na ako ng pagod 'tsaka masyado ng madulas 'yong daan kasi umulan. Nadikitan din ako ng isang limatik sa daan.

Pagkatapos ng mahaba-habang lakaran ay nakarating kami sa isang kubo doon ay nagpahinga kami at kumain ng pinya. May naghihintay doon sa aming dalawang tao. Pagkatapos noon naglakad na ulit kami. Inabot na kami ng gabi sa daan. Nakaramdam

na ako ng sobrang pagod. 'Yong paa ko parang hindi na nagpa-function. Pero pinilit ko pa ring maglakad. Habang nasa daan iniisip ko na something good din ang hirap na ginagawa namin para maibsan ang pagod ko. Sa hinaba ng oras nakarating din kami ng safe.

Pagdating ko sa kampo ng mga kasama nakita ko ang maraming pulang hukbo na sa buhay ko ay minsan ko lang makita. Actually, pangalawang beses ko palang ngayon. Masaya ang aking pakiramdam at sulit naman ang pagod ko dahil kabilang doon ang aking ama na sa hinaba-haba ng panahon ay ngayon ko lang ulit makikita, dahil hindi katulad na dati ay nakakauwi pa siya at lagi naming kasama.

Sa una, akala ko'y magiging boring ang pag- stay ko dito dahil walang internet, gadgets at kuryente dito pero kinabukasan ay narealize ko na hindi naman pala. Masaya naman ang pag-stay dito.

Sa pag-stay ko dito nakita ko ang iba't ibang personalidad ng mga hukbo. May mga friendly, may mga tahimik, may mga seryoso, may mga bihirang lumabas ng kanilang kubo o tent, may mga patawa, may mga madaldal, at may mga makukulit.

Sa pag stay ko din dito, nakita ko ang pagtuturingan nila, kahit hindi sila magkakadugo pamilya ang turingan nila sa isa't isa. Sabay-sabay silang kumain ng agahan, tanghalian at hapunan.

Sa pag stay ko dito, masasabi kong masayang experience ang babaunin ko sa pag-uwi sa kabila ng hirap at pagod na naranasan ko.







# Hatid

*ni Ka Maine*

Isa akong kabataang akibista. Isang araw ako ay nasa isang baryo dahil nagregroup ako sa mga kasama. Maaga akong nagising at agad kong inayos ang aking gamit. Bandang alas 8:00 ng umaga araw ng linggo nang maligo kami ng isa kasamang babae. Bago ako naligo nakarinig ako ng putok. Nang makarinig ako ng ilang malalakas na putok ay nakaramdam ako ng takot. Walang tigil ang pagtayo at pag- upo ko habang ako ay naliligo. Mabilis akong nagbihis pagkatapos kong maligo. Habang nakikinig ako ng mga putok nanginginig ang aking mga tuhod sa sobrang takot.

Nang matapos na ang putukan agad nila akong pinauwi. Nakaalerto sila dahil sa nagkaroon ng labanan sa erya at siguradong magkakaroon ng hotpursuit ang kaaway. Binigyan nila ako ng pamasahe. Habang naglalakad ako papunta kung saan ako sasakay ng motor, sobrang takot ang naramdaman ko dahil baka may kaaway akong masalubong. Nang makarating ako kung saan naroon ang maghahatid sa akin pauwi, naalala ko may dala pala akong duyan. Agad ko itong inayos dahil sa dadaanan ko ay may nagtse- check-point kaya nag isip ako ng paraan. Nilagay ko sa ilalim ng aking bag ang duyan at binalot ko sa aking damit ang tali nito. Habang ang simcard at memory card ko ay nilagay ko sa aking *foundation (face powder)* at itinago ko sa aking dibdib. Ang cellphone ko naman ay tinago ko sa aking harapan. Habang nagbibiyahe ako ay nakaramdam pa rin ako ng matinding takot.

Nang makarating ako sa amin ay muntik ko nang masalubong ang mga militar. Sabay takbo ko papunta sa loob ng bahay. Kapapasok ko pa lamang ng aking bag sa kwarto ay narinig kong tinawag ng militar ang aking ina. Sabi ng militar, *"Nay 'asan si tatay, ba't nagtatago?"* Sabay sagot ng aking ina, *"Aba! sir, hindi nagtatago ang asawa ko 'andyan sa loob".* Agad kong pinalabas ang aking ama, *"Labas na po itay at susunod ako."* Agad akong sumunod paglabas ng aking ama. Paglabas ng aking ama ay may lumapit na militar sabay sabing, *"'tay samahan mo kami kay Kapitan".* Ngunit hindi ako pumayag at ang aking ina sa gusto ng militar dahil baka kong ano ang gawin nila sa aking ama, dahil kagagaling

lang nila sa labanan at ma namatay sa kanila, nag-alala kami baka anong gawin nila kay Itay. Nagalit ang militar dahil ayaw naming pasamahin ang aking ama. Kahit ako'y natatakot naglakas loob akong samahan sila sa baryo. *"Sir, ako na lang po ang sasama sa inyo ngunit sa barangay kagawad ko lang kayo dadalhin".* Sabay sabi ng militar ng, *"Sige ikaw na lang buti ka pa, o, tara bilisan mo".* Agad akong lumabas ng aming tarangkahan. Ako ang pinauna nila. Habang naglalakad kami ay tanong ng tanong ang isang militar sa akin, kung ano pangalan ko at kong ilang taon na ako, at kung bakit hindi na ako nag-aaral. Agad kong sinagot ang militar, *"Dahil Sir sa sobrang hirap , hindi kayang pagsabay-sabayin ng magulang ko ang pagpapaaral".* Sabay sabi ng militar, *"nadodoktrinahan ka na ng NPA 'no?" "Ay sir!, hindi po"*, mabilis kong sagot. Nakaramdam ako ng matinding takot sa sinabi ng militar. Dahil sa paulit ulit na sinabi ng militar na nadodoktrinahan na ako ng NPA, kaya ang ginawa ko nagkwento na lang ako tungkol kay Cardo ng *"Ang Probinsyano"* para tumigil ang militar sa katatanong. Nang makarating na kami sa baryo at nang maihatid ko sila sa kagawad ay agad na akong nagpaalam sa militar. *"Sir nandito na kayo sa bahay ng kagawad, pa'no Sir uwi na ako".* Walang naging sagot ang militar, kaya agad na akong umuwi. Pagdating ko ng bahay ay nabawasan ang takot kong nararamdaman. Doon ko nalaman na malapit lang pala sa amin ang nangyaring engkwentro.







# Taktikal na Opensiba

*ni Ka Arcel*



Isang araw lumabas kami ng kampuhan, dalawang araw din kaming naglakad bago makarating sa aming pansamantalang base. Naghanda kami para sa trabahong gagawin. Nag-ipon ng lakas at ikinundisyon ang katawan hanggang sa tinalakay na ng Command ang plano sa aming ilulunsad na taktikal na opensiba. Dalawang araw at dalawang gabi din kaming nagdry-run. Minsan nagkakamali ako at napupuna, pero tanggap ko naman ito. Pagkatapos noon ay naglakad na kami sa target na posisyon. Inabot kami doon ng ilang araw pero hindi nagmateryalisa dahil nagbago ang padron ng kaaway. Muling nagplano ang kumand at agad kaming lumipat. Gabi kami naglakad. Bawal ang ilaw at ang lumikha ng ingay. Minsan nadudulas ako sa paglalakad dahil madilim. May mga kasama ding nahuhulog sa kanal. Noong nakarating na kami malapit sa dinadaanan ng kaaway ay doon na kami nagpahinga.Inabot kami doon ng ilang linggo. Hanggang sa matunugan ng kaaway ang nagdadala ng supply sa lugar na iyon, kaya hinalughog nila ang lugar malapit sa binabasehan namin. Alerto kami sa panahong iyon at nakahanda sa posibleng mangyari. Kinabukasan, pagdating ng hapon, pinahanda kami para lumakad. Naglakad kami ng gabi at pumunta sa panibagong target na posisyon. Magdamag kami doon na walang tulog at inabot kami ng umaga .Bandang alas 4:00 ng hapon, nagpaabot ang kumand na maghanda na. Natuwa ako ng oras na iyon

dahil hindi na kami matatagalan sa paghihintay. Dali-dali kaming naghanda at pumusisyon. Maya-maya pa ay narinig ko ang lagapak ng *combat* sa daan. Nakarinig din ako ng nag-uusap. Ilang saglit pa ay pinaputok na ang bombang nagsilbing *signal fire* ng Platun 1. Sinabayan na namin ito ng *volume fire*, hanggang sa paisa-isa na lang ang putok. Nagsimula na ang sigawan. Hindi ako gaanong kinabahan sa mga oras na iyon, hanggang may nag-ulat na may kasamang nasugatan. Tinanong ko kung sino ngunit walang sumagot. Hanggang sa pumunta sa amin ang mga nakatalagang medikal at kinuha ang sugatan. Ang ka-buddy ko palang medikal ang tinamaan, ang medikal ng Platun 1. Noong una ay akala ko braso lang ang tama, kaya sabi ko sa kanya , *"Kaya mo yan".* Noong kinuha na siya at dinaan sa bahaging likuran namin nakita kong may malubhang tama siya sa likod. Pinanghinaan ako ng makita ko ang malalang sugat niya. Pero kahit ganun umabante parin ako hanggang sa nablangko ang isip ko at natutulala pagdating sa unahan. Nahimasmasan uli ako nang umulan at nakita ko rin ang kapursigihan ng kasama na durugin ang kaaway. Muli akong bumalik sa posisyon para magpaputok. Hanggang sa nakatawa na ako habang nakikipagbarilan. Tawanan kami ng tawanan ng ka-buddy ko dahil "kasa-putok" ang baril ko. Umabot sa kulang-kulang dalawang oras ang barilan. Pakiramdam ko noon ay tuyong-tuyo na ang lalamunan ko at medyo nanlalabo na ang paningin ko dahil sa amoy ng pulbura. Ilang sandali pa ay nagmando na ang aming CO na umabante na kami sa itinakdang numero para magmaniobra. Nagpahabol pa ako ng isang putok bago umalis. Nang makaatras na kami naabutan pa naming buhay ang kasamang nasugatan. Nagluto at kumain na rin kami, habang ang ibang kasama ay inaasikaso ang pasyente. Hanggang sa marinig ko ang sigaw niya. 'Yon na pala ang huling pagkakataon na maririnig ko ang boses ng kaibigan at nagsilbing kapatid ko dito sa rebolusyon. Nang malaman ko na wala na siyang buhay ay tumulo ang luha ko. Kahit na ganu'n ay tinatagan ko ang kalooban ko. Ginawa ko siyang inspirasyon para magpatuloy dito sa rebolusyon, dahil hindi siya nagpakita ng takot at kahinaan kahit mamamatay na siya. Hindi tumulo ang luha niya kahit malala ang sugat niya. Matapang niyang hinarap ang kamatayan. Nasabi ko noon sa sarili ko , *"Siguro ganito talaga ang batas ng digmaan, ang maglingkod sa inaapi ay may nagbubuwis na buhay*






*at may umaalis at may naiiwan".* Pagkatapos asikasuhin ang mga gamit at ang kasamang namartir ay agad kaming umalis. Magdamag kaming nagmaniobra. Ilang beses din akong napalugmok sa daan dahil sa sobrang bigat ng dala. Nagpresenta nga ang isang kasama na siya na lang daw ang magdadala ng bag ko. Ang sabi ko naman, "kaya ko na 'to, malapit naman na tayo, saka pare-pareho naman tayo rugado". Hanggang sa nakarating kami sa papahingahan. Maghapon kami doon. Nagmungkahi na rin ako na magpalit ng baril. Umabante na din kami noong hapon na iyon. Ilang araw kaming naglakad tungo sa target na pagbabasehan at lulunsaran ng paglalagom. Ideklarang tagumpay ang TO. Malaki ang pinsala sa kaaway, 14 ang patay at 2 ang sugatan sa kanila. Naka-cleaning ang kasama ng 2 M4. Maganda ang reaksyon ng masa kaugnay sa TO at nagpasalamat sila dahil naparusahan ang mga salot na militar sa lugar nila. Marami kasing ginawang pang-aabuso at karahasan ang militar sa mamamayan.Nang matapos matalakay sa buong pwersa ang paglalagom ng isinagawang TO, naglunsad din kami ng parangal sa kasamang namartir.







*****



**Mga larawan sa Ika-50 Anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan**



*tilamsik*

# Kwentong Buhay

## Ka Pedi

Nagtatawanan ang tatlong mga kasama ng biniro si Ka Pedi ng *"Oh, Ka Pedi, baka makalimutan mong may tubig pa"*, Habang si ka Pedi naman ay wala ng mata na tanging ngiti na lamang ang naisagot sa biro sa kanya, hindi na rin niya magalaw ang kanyang pagkain.

Si kasamang Pedi ay hindi gaanong kataasan, tahimik at palangiti kaya naman mahilig itong biruin ng mga kasama dahil sa hindi ito pikunin. Subalit mahusay din niyang napapangibabawan ang pagiging mahiyain dahil maayos din siyang makisama. Minsan noong may mga dumating na kasama sa kanilang yunit ay siya ang unang nakiharap sa mga ito. Dahil sa mga babae ang dumating, palibhasa'y puro sila lalaki sa yunit kaya naman medyo nahiya ang kanyang mga kasama. Maayos din niyang nagagampanan ang mga gawaing nakaatas sa kanya katulad noong minsang sila ang iskedyul sa paglinis hindi ito nag alinlangang tulungan ang kasama sa pagwawalis. Ang nakakatuwa pa dahil habang nagwawalis ito animo'y isang babae na nakahawak sa kanyang dibdib na para bang masisilipan.

Taong 2008, panahong abala sila ng kanyang ama sa pagkokopra sa bukid, nagpatawag ng pulong ang mga kasama, isinama siya ng kanyang ama sa pagdalo ng pulong at doon siya simulang maugnayan. Simula noon ay nalaman niya at nalinawan siya kung ano nga ba ang layunin ng mga kasama, kung bakit sila tumatangan ng baril.

Noon din ay may nakatalakayan siyang kasama, isa sa mga napag-usapan nila ang pag pupultaym sa hukbo, subalit hindi naman ganu'n kadali ang magdesisyon para sa ganoong bagay, at hindi ganoon kadali ang magpultaym, kaya kaniya itong pinag-isipan.

Taong 2011 ng siya ay makapagdesisyon na kailangan na niyang magtangan ng baril at lumahok sa armadong pakikibaka. Ang matinding kahirapan ng kanyang pamilya na kahit subsob sa pagtatrabaho sa kanilang bukid, ngunit napakababa pa ng mga presyo ng produkto na halos hindi sapat para tugunan ang pang-araw-araw na pangangailangan ng isang pamilya. Alam din niyang hindi lang sila ang nakararanas ng gano'ng sistema dahil isa lang sila sa malawak na masang dumaranas ng matinding kahirapan. Ang lahat ng ito ang nagtulak sa kanya upang tuluyang umambag sa rebolusyon.

Higit na nakapagpalalim din sa kan'yang kamulatang pampulitika nang mabigyan siya ng pag-aaral hinggil sa rebolusyong Pilipino. Inilinaw dito na tanging ang Partido Komunista ng Pilipinas ang tunay na taliba ng rebolusyon Pilipino sa pagsusulong ng interes ng uring inaapi at naghahangad ng tunay na kalayaan at demokrasya.

Kaya naman noong minsang daanan siya ng matinding krisis, ang pangungulila sa kanyang pamilya, ay kanya itong napangibabawan dahil malinaw sa kanya kung bakit siya malayo sa kanyang pamilya at kabilang ang kanyang pamilya sa malawak na masang kanyang pinaglilingkuran.

Sadya ngang mahirap at masalimuot ang buhay ng isang hukbo, subalit bahagi iyon sa pagsulong ng rebolusyon at hindi madali ang pagdurog sa kasalukuyang bulok na estado at pagpalit nito ng bagong sistema, kung saan tutugon sa interes ng malawak na sambayanan. Katulad ni Ka Pedi, patuloy siyang nagpapaunlad ng kanyang sarili kaya naman sa mga panahong siya'y bakante sa mga gawain, pagbabasa ng dokumento ang kanyang pinagkakaabalahan.



***





## Jacob

Labindawalang taon gulang pa lamang ako palagi na naming tinatanong si Papa kung bakit siya lumalahok sa mga rali at tumutulong sa rebolusyonaryong organisasyon. Isang araw galing ako sa pagtulong sa gawaing bukid ng magkaroon ng engkwentro ang mga pulang mandirigma at mga militar. Nakita ko si Papa na mabilis na naghanda ng gamit at tinanong ko s'ya kung saan pupunta, subalit hindi n'ya ako sinagot, pero alam ko naman na sa mga kasama siya pupunta. Dahil siguro sa mga bata pa kami ,hindi niya muna ipinapaliwanag sa amin ang mga bagay na tinatanong namin sa kanya.

Pagsapit ko ng labing-apat na taon kusa na niya akong pinaloob sa grupo ng kabataan sa aming barangay at pinursige niya akong lumahok sa mga pagsasanay kagaya ng trening sa teatro. Patuloy din akong dumadalo sa mga pag aaral sa pulang paaralan sa aming baryo at sa bawat pag aaral na dinadaluhan ko mas lalong umuunlad ang antas ng aking kamulatan hinggil sa rebolusyon. Kaya naiintindihan ko na kung bakit tumutulong si Papa sa kilusan at kung bakit may Hukbo ay upang ipagtanggol ang interes ng buong sambayanan laban sa mga pasistang militar at mga mapagsamantalang uri sa lipunan. Kung bakit may rebolusyon ay dahil sa ito lamang ang tanging solusyon sa lahat ng dinaranas na paghihirap ng mga mamamayan. Ito din ang dahilan kung bakit patuloy akong nagpupursige sa mga nakaatang sa aking responsibilidad bilang isang kabataan sa aming barangay. Kasabay ng pagiging sulong na kabataan sa grupo, responsible din akong anak. Kapag walang mga pag-aaral, nasa bukid ako kasama ng aking ama, tumutulong ako sa mga gawaing bukid. Malaking tulong ang edukasyon sa akin dahil bukod sa nagiging mulat ako sa kapaligiran, nakakatulong din ito para mas maging isang responsible ako hindi lang sa iba't ibang gawain, kundi mismo sa sarili.

*"Malaking tulong ang edukasyon sa akin dahil bukod sa nagiging mulat ako sa kapaligiran, nakakatulong din ito para mas maging isang responsible ako hindi lang sa iba't ibang gawain, kundi mismo sa sarili."*



Larawan Ni Jacob Ng Paglahok Sa Inilunsad Na Palihan Sa Kultura
Disyembre 2013





## Ang Kasama ay isang ama, anak, kapatid



Ang mga kasamang rebolusyonaryo ay galing sa iba't ibang landas ng buhay. May kanya-kanyang kwento. Magkakaiba man ang kanilang papel na ginagampanan sa buhay ay pinagtagpo sila para sa iisang layuning paglingkuran ang sambayanan.

Ka Lyene, isang ama

Ipinanganak ako noong 1985 sa aming lugar at doon na ako lumaki at nagkaisip. Grabeng hirap ng aming mga magulang sa paghahanapbuhay pero kinaya nila para sa aming kapakanan. Pagdating ko sa tamang edad pinag-aral nila kami ng mga kapatid ko. Hanggang Grade 2 ako doon .Nang lumipat kami sa bayan doon na namin ipinagpatuloy ang aming pag-aaral. Hanggang Grade VI ang natapos ko. Bago kami nakagradweyt nakaranas kami ng grabeng hirap at minsan pa nga pagdating ko sa bahay ay wala pang pagkain dahil hindi pa dumarating ang aking ama na naghahanapbuhay para sa aming pamilya. Nag-usap ang aming mga magulang na bumalik na lang kami sa dating lugar. Sabi ko sa aking mga magulang mapaiwan muna ako para maipagpatuloy ko ang aking pag-aaral.Pumayag naman sila.

Pagdating nang pasukan nag-enroll ako sa eskwela. Ang hirap pala ng mag-isa. Paglabas sa eskwelahan maghahanap buhay pa ako para may makain at may maibaon kinabukasan. Minsan nga ay umiiyak ako, ang sabi ko sa sarili ko, *"Kung nandito sila may katulong sana ako".* Kaya naisip kong sumunod na lang sa aking pamilya at doon na din lang ako magtrabaho. Kaya sumunod ako sa kanila at nagtrabaho. Lahat ng kinikita ko ay ibinibigay ko sa kanila.

Habang ako ay nagtatrabaho ay nakilala ko ang mga Kasamang hukbo. Pinatawag nila kami at binigyan ng pag-aaral tungkol sa

rebolusyon. Ipinaunawa nila sa amin ang kanilang ipinaglalaban. Namangha kami sa kanilang sinabi.Kapakanan pala ng malawak na mamamayan. Kaya naisip ko na umanib sa Bagong Hukbong Bayan. Sa pagkilos sa bilang hukbo ginampanan ko naman ang aking mga tungkulin para sa masa. Habang ako ay nasa hukbo, umibig ako sa isang kasamang babaeng katribu. Niligawan ko siya hanggang sa kami ay naging mag-asawa. Pansamantala kaming nagpahinga sa pagiging hukbo. Nagtagal ang aming pagsasama ng isang taon, hanggang siya ay nagdalang-tao at nanganak ng isang malusog na sanggol na babae. Matapos siyang manganak, siya ay nagkasakit at makalipas ang isang buwan siya ay pumanaw. Napakasakit sa akin na mawala ang pinakamamahal kong asawa. Nalulungkot pa din ako dahil siya ang babaeng nagmahal sa akin nang tapat at hindi ko kailanman ikinahiya na isa siyang katribu. Napakahirap pala ng maging ama at ina dahil wala ka nang makakatulong sa buhay. Naging inspirasyon ko sa buhay ang aking anak.

*" Ipinaunawa nila sa amin ang kanilang ipinaglalaban... Namangha kami sa kanilang sinabi, kapakanan pala ng malawak na mamamayan."*

Ka Jay, isang anak



Ako si Ka Jay, 19 taong gulang mula sa maralitang magsasaka. Nakatapos lang ako ng elementarya dahil sa hirap ng buhay. Sa murang edad na iyon ay naranasan ko ang magtambay lang maghapon kasi wala naman akong makuhang magandang trabaho dahil mababa ang aking pinag-aralan. Noong ako ay hindi pa fulltime sa Hukbo ay para bang wala nang bukas dahil ang alam ko lang naman ay tumambay kung saan-saan. Doon na rin ako natutong gumamit ng ipinagbabawal





na gamot at mag-inom ng alak. Wala akong pakialam kahit pinagagalitan na ako ng aking magulang, hindi ko sila pinapansin.

Isang araw ay nautusan ako at ng kabarkada ko na magdala ng gamot na ipinabibili ng kasama sa isang kasapi ng Sangay ng aming baryo. Noon ay hindi ko pa alam kung ano ang Hukbo. Ang alam ko lang ang NPA na ibinabalita sa TV ay mga masasamang tao daw. Kaya ako ay parang nag-aalangang sumunod. Nang dumating ako sa base nila ay nadatnan ko silang nag-aaral. Naisip ko na nag-aaral din pala sila. Sinalubong ako ng mga kasama na nakangiti, magalang na pananalita at nakipag-kamay sa akin. Una tameme ako na para bang tuod lang sa isang tabi. Maya-maya ay binigyan nila ako ng kape at doon na sila nagsimulang magtalakay ng mga nangyayari sa Pilipinas. Partikular na tinukoy nila ay hinggil sa mga kultura sa aming baryo, tulad ng mga bisyo na natutunan ng tulad kong kabataan na dapat sana ay nasa eskwelahan at nag-aaral. Ayon sa kanila , dahil sa hirap ng buhay ay hindi rin makapag-aral ang maraming kabataan kahit gustuhin pa nila. Iyon ang paliwanag nila sa akin at napag-isip-isip kong tama naman ang sinasabi nila.

*"Mula noon ay tinalikuran ko na rin ang bulok na kultura na aking natutunan. Nakikinig na rin ako sa aking mga magulang. Maganda ang natutunan ko sa mga kasama at lumalahok na rin ako sa mga rali para isigaw ang problema ng mamamayan."*

Mula noon ay nagsimula nang mapalapit ang loob ko sa kanila. Tinanong nila ako kung gusto kong magpaloob sa bubuuhing grupong kabataan sa aming baryo, pumayag naman ako, at binuo nga nila kami. Ang ibinigay sa aming gawain ay luyo-luyo na ang ibig sabihin ay tulungan sa mga gawain, tulad ng pagtatabas sa niyugan na para hindi na kailangang magbayad sa pagpapatabas. Mula noon ay tinalikuran ko na rin ang bulok na kultura na aking natutunan. Nakikinig na rin ako sa aking mga magulang. Maganda ang natutunan ko sa mga kasama at lumalahok na rin ako sa mga rali para isigaw ang problema ng mamamayan.

Kamakailan lang ay inimbitahan akong dumalo sa pag-aaral ng

BKP *(Batayang Kurso ng Partido)*. Sa pag-aaral na iyon ay lalo kong naunawaan ang nangyayari sa lipunan, tulad ng pagsasamantala ng mga haciendero sa mga magsasaka. Noong ilang araw na kami ay mukhang natunugan ng kaaway ang inilunsad na pag-aaral kaya para makaiiwas sa depensibang labanan, nagmaniobra ang mga kasama na kasabay ako. Gabi ang lakad namin para hindi kami mapansin ng sundalo dahil malapit lang sa amin. Sobrang dilim noon pero ang sabi ko sa sarili ay "kaya ko 'to!" Dumating kami sa kaingin ng masa. Kinabukasan kami ay nagluluto ng pananghalian. Pagkakain namin ay may binalitaan kami ng masa na malapit na ang kaaway. Kaya ang ginawa ng kasama ay naghanda at inayos ang pwesto para kung talagang masumpungan kami ng kaaway ay makauna ng putok ang mga kasama. Bandang alas-3 ng hapon ay bigla nalang pumutok dahil nakita na ng kasama na papalapit na ang kaaway. Doon na nagsimula ang labanan. Ilang minuto rin ang lumipas at dahil marami ang kasama at nilabanan ng husto ang kaaway ay nagsipagtakbuhan ang mga sundalo. Ligtas namang nakalayo ang mga kasama sa pinagyarihan. Doon tumaas ang aking morale at sinabi ko sa kasama na magpu-fulltime na ako para humawak ng sandata para ipagtanggol ang mamamayan. Biro nga sa akin ng kasama, hindi pa man ako fulltime ay nakaranas na ako ng labanan.

Ka Arcel, isang kapatid



Ako si Ka , Arcel, 20 taong gulang. Nagmula ako sa uring maralitang magsasaka. Lumaki akong mulat sa sistemang aking ginagalawan dahil madalas abutin at basehan ng mga kasama ang aming lugar at dahil din sa mga paliwanag ng aking mga magulang kung bakit may NPA. Simple lang ang pamumuhay namin. Kumakain ng 3 beses isang araw at minsan nakakapagtabi din ng pera galing sa aming mga pinagtrabahuhan. Apat kaming magkakapatid. Ang aming panganay ay nakapagtapos ng kolehiyo at kaming dalawang sumunod ay nakapagtapos ng highschool. Ang aming bunso ay kasalukuyang nasa Grade 2. Noong nag-aaral ay naging sakit sa ulo din ako ng magulang ko. Pumapasok ako sa eskwela ng lasing, basagulero at kung anu-ano pang mga kalokohan. Pag-uwi ay problema ang dala sa kanila. Pero kahit ganun ay nakapagtapos pa rin naman ako. Nang makapagtapos ako ay nagpasya akong lumuwas ng Maynila upang magtrabaho para makatulong sa pagpapaaral at mga gastusin sa pang araw-araw. Pero hindi ito naging madali sa akin. Dahil hindi ako tumatagal sa aking pinapasukang trabaho, dahil na din sa mababang pasahod at pang-aabuso nila sa aking lakas-paggawa kaya hindi ko ito natatagalan. Isang beses pa nga ay nagawa ko pang makipagtalo sa *Agency* ng kumpanyang pinagtatrabahuhan ko dahil sa kanilang maling pamamalakad, kung kaya ako ay nagresign. Nasa tatlong taon akong nagpalipat-lipat ng trabaho hanggang sa magkasakit ako dahil sa naabuso na ang katawan ko. Naging dahilan ito ng aking pag-uwi.

*"Nasaksihan ko din ang ilang pagsasamantala, pamamaslang sa mga inosente at walang kalaban-laban, pang-abuso sa mahihirap at pang-aalipin."*

Sa pagtrabaho ay marami akong naranasang hirap at marami din akong nakitang mas mahirap pa kaysa sa dinaranas ko noon. Nasaksihan ko din ang ilang pagsasamantala, pamamaslang sa mga inosente at walang kalaban-laban, pang-abuso sa mahihirap at pang-aalipin. Pinilit kong magbulag-bulagan noong mga panahong yon dahil ang iniisip ko ay magtrabaho at kumita para makasuporta sa pamilya. Halos buwan-buwan ako noong nagpapadala ng pera. Pero ang hindi ko makakalimutan ay ang mga pinagpaguran ko ay nauubos lang sa luho ng kapatid kong nag-aaral sa kolehiyo at nagawa pa niyang layasan at iwan ang magulang namin. Isinumbong ito ng isa ko pang kapatid na panganay sa akin. Nagkataon na nag-inom kami noon at medyo nalasing na ako, unti-unting pumatak ang luha ko hanggang sa humagulhol ako sa pag-iyak, ilang oras din akong umiyak at paulit-ulit na tanong *"Bakit niya naman ginawa iyon?"* Hindi na siya naawa kila Mama at Papa. Pinipilit naman naming gawin ang lahat para masuportahan siya, pero bakit siya ganon? Tuloy-tuloy ako sa pag-iyak hanggang sa nakatulog ako.



Noong ako ay makauwi na dahil nagkasakit ako, halos apat na buwan din akong nagpagaling at pabalik-balik sa iba't ibang doktor at manggagamot. Habang nagpapagaling ay may katigasan pa rin ang aking ulo. Minsan gumagala pa rin ako at naglalasing, pagdating ko sa bahay ay pinapagalitan ako at pinangaralan ng magulang ko. Doon ko naalala ang mga kabataang nakita kong palaboy-laboy sa lansangan na madudungis at namamalimos dahil sa napapabayaan sila ng kanilang magulang dala ng labis na kahirapan. Doon pumasok sa isip ko ang kahalagahan ng pagkakaroon ng magulang na nag-aalala at gumagabay. Noon ko naramdaman ang sobra nilang pagmamahal dahil kahit pagod sila sa pag-uwi ng bahay ay inaasikaso pa rin nila ako, laluna pa umaatake ang sakit ng dibdib ko. Hindi nagtagal ay naging medyo maayos na ang pakiramdam ko nakakatulong na uli ako sa mga gawain. Ilang linggo pa ang nakalipas ay may nakarating sa aming balita na may kasama daw na nakabase sa bahay ng lola ko.

Noong malaman ko iyon ay nakapag-isip ako at nakapagdesisyon na sumapi sa BHB. Ilang araw pa ang lumipas ay nakarating na sila sa amin. Tumagal sila ng tatlong araw na nakabase sa amin. Tatlong gabi din ako na halos di makatulog dahil pinag-iisipan ang naging desisyon ko at iniisip ko din kung papayagan ako nila Mama. Pero hindi na nagbago ang naging desisyon ko bagkus ay nilakasan ko ang loob ko para makapagpaalam. Sa ikatlong araw na pagbase ng mga kasama sa amin ay nagpaalam na silang aalis. Hindi ako mapakali nang paalis na sila. Inakit na ako ng ibang mga kasama na sumama na. Pero ang sabi ko *"Sige pagbalik n'yo na ako sasama, magpapaalam lang ako"*. Noong nakaalis na sila ay napansin ni Mama na tahimik ako sa isang tabi. Lumapit siya sa akin ng nakangiti at nagtanong, *"Toy, anong problema, may masakit na naman ba?"* Ngumiti lang ako at sumagot ng *"Wala naman po"*. Pagdating nang hapon ng araw ding iyon nakabwelo akong sabihin ang totoo sa aking ina at nagpaalam na din ako at walang pag-aalinlangan naman siyang pumayag at nagpaalala. Tinanong ko din siya, kung sa tingin niya ay papayag si Papa. Sinabi niya sa akin na *"Siya ang tanungin mo?"* Kinakabahan akong magpaalam kay Papa pero tinuloy ko pa rin. Pagsapit nang gabi ay tyinempuhan kong hindi mainit ang ulo niya. Kahit na pautal-utal ako dahil sa kaba ay tuloy-tuloy ako sa pagsasalita. Noong nasabi ko na ang plano ko ay hindi siya umimik bagkus tumingin lang siya at dumaan sa harapan ko. Alam ko noon na naaalangan siyang pumayag. Pero kinulit ko siya ng kinulit hanggang siya ay pumayag. Madami din siyang paalala sa akin na hindi ko makalimutan. Kinabukasan nagtext sa akin ang isang kasama at nangumusta ng kalagayan , sabi ko, maayos naman. Sinabi ko sa kanila ang plano kong magpultaym. Nagpahintulot naman silang sumama na ako at pinasabay nila ako sa mga pupulungin nilang MB. Pagdating doon ay pinaliwanagan ako ng ilang kasama tungkol sa ilang bagay kaugnay sa pagiging Hukbo. Sinamahan na din nila akong kunin ang mga gamit ko. Mula noon ay kasa-kasama na nila ako sa gawaing masa. Binigyan din ako ng mga pag-aaral tungkol sa mga pinagdadaanang krisis ng bansa at kung bakit kailangan lumaban ng mamamayan. Doon naging malinaw sa isip ko ang tunay na layunin ng Partido. Masaya ako sa mga gawain kahit mapagod ay magaan ang loob ko sa loob ng pulang hukbo.



# Kwentong Kusina

BKPM



Nasa pagsasanay kami noon sa Batayang kursong Pulitiko-Militar. Inaasahan na ng bawat isa sa amin ang pagiging mahigpit ng mga instruktor, pero hindi pa rin talaga maiwasan na may hindi magpatawa at ang mapatawa.

I- Pagpapahanay

*"kumpanyaaa! Humanay!"* Sigaw ni Ka Nam sa gitna ng field, ang kampani kumander namin. Agad kaming nagtakbuhan sa gitna ng field dala ang aming mga riple at bag na kabiba, halos lahat ay naka-paa dahil sa putik, kulang na nga lang ng dalugi para matalukan ito. Pag sigaw ni Ka Nam ng *"kumpanya!"* sumigaw din ang platun lider ng *"platun"* at awtomatik na sumigaw din ang mga iskwad lider ng *"iskwad"* Subalit dahil sa bilis ng pagsagot ng isang iskwad lider kaya naman sumigaw ito ng *"iswad"* imbes na iskwad. Sobrang pagpipigil sa pagtatawa ng mga kasamang nakarinig.

II- Ehersisyo

Matapos ang ilang ikot na pagja-jogging ng mga kasama ay bumalik na ito sa gitna ng field at patuloy na nag*jog-in-place*. Maya-maya sumigaw ang nagli-lead ng ehersisyo ng *"break time!"* napatawa ang mga kasama dahil imbes na *"quick time"* .





ang sasabihin para sa mas mabilis na pagtakbo sa kinatatayuan.

III- Maniobra

Kalahating araw kami noon sa field para sa iba't-ibang tipo ng maniobra, maulan noong araw na iyon at maputik. Nakakatuwa ang mga itsura ng kasama dahil halos mata na lamang ang walang putik dahil may mga nadudulas at dahil sa paulit- ulit na gulong sa lupa.

## Alerto

Maglilipat kami ng base para sa gawaing masa, bandang alas 10:00 ng umaga, mataas na rin ang sikat ng araw kaya medyo mahapdi na sa balat ngunit balewala ito sa mga kasama dahil siguradong mainit na pagtanggap ng masa ang nag-aantay sa pupuntahan. Maayos din ang pagitan at distansya ng mga kasama sa paglalakad, 3-5 metro ang pagitan. Habang nasa kalagitnaan kami ng paglalakad sa isang parang, pababa na sana kami nang biglang nagkagulo ang unahang pangkat, ang abe. Biglang napaatras at nagpwesto ng mga nakaupo. Ang iba naman ay tumakbo ng pabalik. *"Alerto kamo, alerto! Posisyon!"* ang kagyat na mando ng C.O dahil walang ulat ang iskwad lider ng abe kung bakit nagkagulo sa unahan. Habang nakapwesto ang baking at caloy ay pumunta sa unahan ang CO at nagtanong ,*"Ano 'yan? Mag ulat!"* Maya-maya ay dumating ang isang elemento ng abe. *"Ka Punso, Ka Punso may naliligong babae sa balon, sa may daan... walang damit kaya napaatras at nagsipagtakbuhan pabalik ang mga kasama." "Sus Maria!, akala ko pati kong ano na."* Sabay iling-iling. *"Hala, antayin nating matapos, tingnan n'yo dun sa may kuntod at do'n 'yan dadaaan kapag tapos na, hanap muna tayo ng masisilungan."*





**Mga larawan Ng Pulong Parangal Para sa Mga Martir**





# Parangal

## Pinakamataas na Pagpupugay kay Alfredo "Ka Bendoy" Merilos, Mabuting Anak ng Camarines Norte, Bayani ng Sambayanan




Si Alfredo Merilos, na mas kilala ng mga kasama at masa bilang "Ka Bendoy", ay nagmula sa uring mababang petiburges. Ipinanganak siya noong Marso 24, 1962 sa bayan ng Panganiban, Camarines Norte, Bikol. Ang ama niya, pagkatapos manilbihan bilang Philippine Scout ng US Army at pagkatapos, bilang isang machinist sa isang kumpanya sa pagmimina, ay nag-asikaso ng ilang parselang lupang sakahan. Ang ina naman niya ay naging guro sa publikong paaralan at naging kasapi ng isang progresibong grupo ng mga guro.

Dahil sa mga napapanood sa TV at napapakinggan sa radyo at sa mga usap-usapan sa kanilang pamilya at sa kanilang komunidad, hayskul pa lamang ay nagsimula nang mapukaw ang interes ni Ka Bendoy sa aktibismo. Noong ikalawang taon niya sa kolehiyo, 1979, naging aktibista si Ka Bendoy at naging masigasig sa

pagsulong sa interes ng mga estudyante. Sa taong ito, naugnayan din siya at pumaloob sa Kabataang Makabayan. Sa sumunod na taon, 1980, naging Kandidatong Kasapi siya ng *Partido Komunista ng Pilipinas* (PKP). Hindi rin nagtagal at inangat siya bilang Ganap na Kasapi. Habang tuloy-tuloy na nagmumulat, nag-oorganisa at nagpapakilos sa kapwa estudyante't kabataan, nakapagtapos pa rin si Ka Bendoy ng kursong *BS Mechanical Engineering sa Bicol University.*

Nang makapagtapos sa kolehiyo, anim na buwang nagtrabaho si Ka Bendoy sa isang korporasyon upang paunlakan ang kanyang pamilya. Sa panahong ito, habang tuloy-tuloy ang pagpapaliwanag niya sa pamilya, hindi siya nawalan ng ugnay sa mga kasama, hanggang bumalik siya sa buong-panahong pagkilos sa siyudad.

Taong 1985 nang sumampa si Ka Bendoy sa *Bagong Hukbong Bayan* (BHB). Nadestino siya sa iba't ibang bahagi ng mga probinsya ng Sorsogon, Albay at Camarines Sur.

Noong katapusan ng 2011 hanggang 2016, itinalaga siya bilang Kalihim ng Komite ng Probinsya ng Camarines Norte. Noon 2016, naging delegado siya ng *Bicol Regional Party Committee s*a Ikalawang Pambansang Kongreso ng PKP.

Bilang kalihim sa Camarines Norte, tiniyak ni Ka Bendoy ang paglakas ng makinarya sa edukasyong pampartido, na nagresulta sa relatibong mataas na porsyento ng nakapagtapos sa *Batayang Kurso sa Partido* (BKP) at *Intermedyang Kurso sa Partido* (IKP). Kasabay nito ang pagtiyak niya sa mahusay at episyenteng makinarya sa reproduksyon ng materyales sa instruksyon, tulad ng Ang Bayan at iba pang mga aklat at babasahin. Tiniyak din niya na regular ang paglunsad ng *Pagpuna at Pagpuna-sa-Sarili* (PPS) ng mga yunit ng Partido.

Sa panahon ng kanyang pangangalihim sa Camarines Norte, napanatili ang integridad ng PKP at BHB sa probinsya. Naitayo rin ang makinarya sa *Pambansa Demokratikong Paaralan* (PADEPA) na nagresulta sa pagdami ng mga saligang organisasyong masa. Nakapagtayo rin ng mga *Ganap na Samahang Masa* (GSM)





hanggang *Komiteng Rebolusyonaryo sa Baryo* (KRB), ang binhi ng rebolusyonaryong gobyerno sa lokalidad. Sumigla rin ang gawaing pangkultura, partikular sa pagbibigay ng mga palihan o workshop at pagbubuo ng makinarya sa paglimbag ng *Tilamsik ng Dakilang Apoy*, ang rebolusyonaryong pangkulturang dyornal ng Camarines Norte, at pagpapalakas ng presensya ng *Armando Catapia Command* sa *social media.*

Sa panahong ito, nagkaroon din ng mga matitingkad na tagumpay sa larangang militar. Ilan dito ay ang reyd sa pwersa ng 49th IB sa Barangay Maot, Labo (2012); pagpaparusa sa druglord ng Camarines Norte na si Ronnie Habitan (2015); reyd sa pwersa ng 49th IB sa Barangay Daguit, Labo (2015); ambus sa pwersa ng 49th IB Barangay Talobatib, Labo (2015); pagpaparusa sa espiya ng kaaway na si Ret. Sgt. Emen Sarzuela sa Barangay Malaya, Labo (2016); at operasyong demolisyon sa pwersa ng 49th IB sa Brgy. Mahawanhawan, Labo (2016).

Tiniyak ni Ka Bendoy ang paglakas at pagtatag ng mga Komite ng Partido sa mga yunit ng Hukbo at ng mga panteritoryong organo. Naisakatuparan ito sa pamamagitan ng pagtiyak sa pag-iral ng demokratikong sentralismo at sistemang komite sa lahat ng yunit ng Partido at pagsisikap na magkaroon ng sapat na pinansya at lohistika ang probinsya.

Walang patid ang pagsisikap ni Ka Bendoy upang matugunan ang pangangailangan ng hukbo. Tiniyak niyang may sapat na kagamitang militar ang hukbo sa Camarines Norte. Nagsikap din siya na makapagatayo ng network ng medikal para sa mga kasamang sugatan. Ang mga personal na gamit ng mga kasama ay pinagsumikapan niyang matugunan, maging ang pagtiyak sa mahusay at pantay na distribusyon nito.

Mahusay ang pakikitungo ni Ka Bendoy sa masa at kasama, at kaya niyang maki-ayon sa iba't ibang katangian ng mga nakakasalamuha. Madali siyang lapitan dahil lagi siyang bukas na makinig, kahit sa mga usaping personal. Dahil sa tuloy-tuloy na masigasig na pagkilos at pagtangan sa prinsipyo at patakaran ng organisasyon, ni minsan ay hindi pa siya nabigyan ng aksyong

pandisiplina. Sa kabila nito, mahusay siyang umintindi sa mga kasamang nagkakamali, at laging handang umagapay sa kanila. Maalalahanin si Ka Bendoy at laging maririnig sa kanya ang pagpapaalala na mag-ingat ang mga kasama.

Matiyaga si Ka Bendoy sa pagpapaalala sa mga kasama kaugnay ng seguridad. Kapag may kaaway, hindi siya nakikitaan ng kaba at laging maririnig sa kanya ang pagpapataas sa moral ng mga kasama. Lagi rin niyang pinapaalalahanan ang mga kasama sa pagsasabuhay ng linyang masa. Hindi siya nagsasawang magpaalala sa mga kasama hinggil sa wastong aktitud, lalo na kapag nasa gawaing masa. Lagi rin siyang bukas sa mga ideya ng mga kasama, at hindi siya nag-aalangang magtanong.

Para kay Ka Bendoy, hindi dapat maging hadlang ang kanyang mga sakit, tulad ng diabetes at sakit sa puso, sa pagharap sa mga gawain. Bagamat may mga limitasyong pisikal, sinikap niyang pangibabawan ito upang hindi makaapekto sa iba. Sa katunayan, hindi mahahalatang may karamdaman siya, dahil palabiro at mahilig siyang makipagkantyawan sa mga kasama. Lumalahok din siya sa mga gawaing teknikal, at tinitiyak niyang lagi siyang isinasabay sa pag-iskedyul ng mga gawaing ito. Masarap siyang magluto at mahilig ding maghawan ng damuhan sa mga lugar na binabasehan ng yunit.

Noong gabi ng Marso 15, 2018, sapilitang pinasok ng pinagsanib na pwersa ng *Philippine National Police–Camarines Sur at 9th Infantry Division, Philippine Army Intelligence Unit* ang bahay na tinuluyan ni Ka Bendoy sa Camella Heights Subdivision, Cararayan, Naga City, habang nagpapahinga siya para sa pagpapagamot. Ayon sa nakasaksi, dahil walang maipakitang arrest warrant ni search warrant, ayaw silang papasukin at umalma ang sibilyang kasama ni Ka Bendoy na si Liz Ocampo, habang si Ka Bendoy ay huling nakita ng saksi na nakaupo lamang. Taliwas sa pahayag ng PNP at AFP, walang palitan ng putok na naganap, dahil hindi armado ang dalawa. Pinaslang sila, at tulad ng dating gawi, pinalabas ng kaaway na *"nanlaban"* ang dalawa.

Sa edad na 55, ilang araw bago ang kanyang araw ng kapanganakan, pinaslang ng kaaway si Ka Bendoy. Ang kanyang





pagkamatay ay isang malaking kawalan ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyong Bikol. Ngunit konkretong karanasan din ng kilusan na ang kamatayan ng isang mahusay na kadre ay nagsisilbing inspirasyon sa masang kanyang nakasalamuha upang magpakasikhay sa pagkilos at sumampa sa hukbo, at sa mga kasama upang magpatuloy at lalong magpursige sa pagsulong ng rebolusyon. Ang pagdadalamhati ay lagi't laging nagtutulak sa muling pagbangon nang may mas mahigpit na pagtanagan sa armas at paninindigan. Ayon mismo kay Ka Bendoy noong siya'y nabubuhay pa *"Normal ang malungkot kapag may namartir na kasama, pero hindi dapat matagalan, dahil ganun talaga ang digmaan… at iyon ang katangian ng kaaway, walang pinipili!"*

Ang galak ng PNP at AFP sa kanilang ginawang pagmasaker ay tiyak na panandalian lamang. Titiyakin ng Armando Catapia Command na mananagot ang mga asong ulol na ito sa kanilang krimen, at mabibigyan ng hustisya ang pagkamatay ni Liz Ocampo at Ka Bendoy.





# Karaniwang buhay, Dakilang pag-aalay



Sina Ka Omar, Ka Jack at Ka Hadji ay mga karaniwang magsasaka ng Barangay Patalunan, Ragay Camarines Sur subalit inialay nila ang kanilang simpleng buhay para sa dakilang pakikibaka.

Tahimik Pero Buo Ang Loob

Si Ronie Mien, na mas kilala bilang Ka Omar ay nagmula sa mababang panggitnang magsasaka. Siya ay nakatuntong ng Grade 3. Siya ay Tahimik pero mahusay na makisama sa mga kababaryo. Katangian ni Ka Omar ang pagiging independyente at masipag. Kahit mag-isa ay nagtatrabaho siya sa niyugan. Kahit wala pang sariling pamilya ay natutunan na niyang hindi maging palaasa sa magulang at mga kapatid. Naugnayan siya ng kilusan taong 2012.

Hindi palaimik si Ka Omar, subalit taglay niya ang tapang at pagiging buo ang loob. Noong siya'y sibilyan pa, mayroong nagtangkang subukin ang kanyang tapang. Hindi siya nagpahalatang lalaban, bagkus ay inabangan niya ito sa daan at doon pinalasap ng kanyang galit. Ang itinatagong tapang ni Ka Omar ay minsan pa niyang ipinamalas subalit sa isa ng marangal na pag-aalay ng buhay para sa bayan nang buong tapang niyang hinarap ang



tropa ng kaaway sa isang reyd sa tropa ng AFP na nakabase sa Namukanan, Daguit Labo Camarines Norte noong Oktubre 31, 2015 kung saan siya ay namartir sa edad ng 27 taon.

Mahiyain, Pero Matulungin

Si Ronaldo Alcantara, na nakilala bilang "Ka Jack" ay nagmula sa maralitang magsasaka. Dahil sa kahirapan ay hindi siya nagkaroon ng pagkakataon na makatuntong sa paaralan. Mabait at masunurin si Ka Jack. Tumutulong siya sa pagtabas kahit walang bayad. Dahil sa limitasyon sa literasiya, naging mahiyain si Ka Jack. Noong una ay naging sagka ito para pumaloob siya sa rebolusyonaryong organisasyon. Subalit napangibabawan niya ito dahil sa matiyagang paghihikayat sa kanya hanggang makapag-aral siya ng Batayang Kurso ng Partido at maging kasapi ng Milisyang Bayan.

Noong siya ay sibilyan pa nawawala ang pagiging kimi at mahiyain ni Ka Jack kapag naaakit na uminom ng alak ng kanyang mga kaibigan. Dahil sa epekto ng alak may pagkakataon na nauuwi pa ito sa basag-ulo. Subalit unti-unti niya itong nabago nang siya ay mamulat hanggang sa umanib sa Bagong Hukbong bayan.

Nasawi si ka Jack sa isang engkwentro noong Marso 21, 2016 sa Tible, Lupi Camarines Sur.

Masayahin At Malapit Sa Masa



Si Isidro Sevillo ay kilala bilang "Ka Hadji". Siya ay nagmula sa gitnang-panggitnang magsasaka. Siya ay bunso sa apat na magkakapatid. May limitasyon siya sa litersiya pero hindi ito naging hadlang na sumapi siya sa Bagong Hukbong Bayan noong taong 1997.



Si Ka Hadji ay masayahin at mahilig magbiro sa mga masa at kasamang palagay na ang kanyang loob. Madali din siyang makagiliwan ng masa dahil sa pagiging masayahin.

May mga pagkakataon na naipakita ni ka Hadji ang hindi nabibigla kahit sa gipit na kalagayan. Noong minsan na inabutan siya ng sundalo at isa pang kasama na nasa tindahan sa isang baryo. May sukbit silang mahabang baril at naka uniporme din, hindi natinag si Ka Hadji, bagkus ay kampante niyang hinarap ang sundalo upang hindi sila mahalata. Nang tanungin ng sundalo kung ano ang kanyang sigarilyo, ang sagot niya ay Marlboro. Matapos ito ay pasimple na silang tumalilis na hindi namamalayan ng sundalo. Nang makahalata ang CO ay nagmando ito ng pasa-bilang subalit ligtas nang nakalayo si ka Hadji at ang isa pa niyang kasama.

Hindi rin makakalimutan ng kasama ang isa pang karanasan kung saan si Ka Hadji ang *vanguard*. Nang may nag-ulat na may kaaway, nakita ni Ka Hadji na may lumuksong kulay itim sa unahan, sinipat niya ito at saktong tinamaan naman niya. Sa di inaasahan ito pala ay ang baboy ng masa. Natawa nalang ang mga kasama sa pangyayari at s'yempre nagbayad sa baboy na aksidenteng nabaril. Ganunpaman, isa ito sa mga kwentong nakakapagpaalala sa mga kasama sa isang masayahin at simpleng kasama na si Ka Hadji.

Si Ka Hadji ay namartir kasabay ni Ka Jack sa isang engkwentro noong Marso 21, 2016.





# Liham



Pebrero 2019
Mga Kasama,

Maalab at rebolusyonaryong pagbati at mainit na pakipagdaop-kamay sa inyong lahat mga kasama.

Nais ko sana kayong kumustahin d'yan mga kasama. Lagi kong hangad na nasa maayos ang inyong kalusugan at malayo sa anumang kapahamakan lalo na sa kamay ng pasistang militar.

Kung ako naman ang kukumustahin ninyo ay maayos naman ang aking kalagayan at patuloy pa rin sa mga gawain dito sa loob ng Hukbo. Mas lalo akong nagpatuloy sa ngayon dahil sa mga pag aaral naming inilulunsad at palagi kaming nagbabahaginan ng mga karanasan at kwentong buhay.

Noong ako'y sibilyan pa ay nararanasan ko kung paano pinahihirapan ng mga naghaharing-uri at ng reaksyunaryong gobyerno. Wala itong pakialam sa ating mahihirap at sa ngayon lalong lumubha ang sistema ng ating lipunan.

Sana lalo tayong maging masigla sa mga gawain sa loob ng Hukbo. Lalo nating paigtingin ang gawaing masa, produksyon at kulturang pagtatanghal. Mas lalo nating biguin ang mga pag atake ng pasistang militar sa mga sonang gerilya at mas lalo nating labanan ang rehimeng US-Duterte dahil sa matinding kaso sa mamamayan at sa mas lalong pagpapatindi sa krisis ng ating lipunan na pangunahing problema ng mamamayan.

Hanggang dito na lang po ang aking liham patuloy parin tayo

sa armadong pakikibaka hanggang sa makamit ang ating mithiing tagumpay.

Ka Remsie

*****

Para saiyo Bro,

Alam mo Bro, simula noong nagfulltime ako marami ang naranasan ko. Naranasan kong maghawak ng baril at marami akong natutunan gaya ng pagsasanay sa militar at maging sa pagdisiplina ng sarili. Kaya gusto ko kasama kita sa pagfulltime para may matulungan ka ring ibang tao.

Alam kong iniisip mo na kapag nagfulltime mamamatay ka na, hindi Bro, hindi gano'n. Dito sa Hukbo, mararanasan mo ang magtraining at mag-aral. Kagaya ko Bro, dahil sa pagfulltime marami akong natutunan, lalo na kung kasama kita Bro, marami pa tayong matututunang mga bagay na makakatulong sa bayan.

Alam mo ba kung anong ibig sabihin ng rebolusyon, ang ibig sabihin ng rebolusyon ay itatama natin ang maling sistema dito sa ating bansa. Hindi natin mababago ang sistema ng ating bansa kung hindi tayo magtutulungan. Kaya matuto tayong lumaban.

Dapat handa tayong makibaka para labanan ang mga maling sistema dito sa ating lipunan dahil nasa kamay natin ang tagumpay. Magagawa natin 'yon kung tayo ay sama-samang lumalaban at sama-samang nakikibaka.

Ang iyong kaibigan,
Ka Kim

*****

Para sa'yo kaibigan

Nais ko lang ibahagi sa'yo ang aking karanasan sa loob ng kilusan simula ng ako ay sumubok na makipagsalamuha sa mga hukbo. Isang napakagandang impluwensya sa isang kabataan na katulad ko ang makisalamuha sa mga hukbo, upang mapatulad sa kanila na may paninindigan, may prinsipyo at walang-sawang nagtatanggol





sa mamamayan. Kaya dapat naisin natin na maging katulad nila at magkaroon ng kaalaman sa mga nangyayari sa lipunan at matutunan kung paano lumaban para sa pantay na karapatan.

Kaya katulad ko bilang mayroon ng karanasan sa pagkilos at mga pag aaral sa loob ng hukbo, nais ko na sana ay mas marami pa ang kabataan na magkaroon ng interes na makipagsalamuha sa mga kasama at makapag aral sa loob ng kilusan upang magkaroon din sila ng kaalaman hinggil sa rebolusyon.

Ang iyong kaibigan,
Maine

*****

Mayo 2019
Para sa'yo Mama,

Magandang umaga po Mama, hay naku 'Ma, sobrang pagod po maglakad, sobrang layo dito pero alam mo noong pagdating ko dito ang gagaling mag-entertain ng mga kasama. Pagdating ko pina-upo nila ako agad pinapahinga, tinimplahan ng kape at s'yempre hindi mawala ang tanungan, --*Ano kumusta ka na?* Tapos pag-akyat ko feeling ko para ba akong artista, lahat sila nakangiti sa akin. Tinanong pa ako, *"Ano Kasama, kumain kana? kape muna o*, ang iba naman, *"Sino ba Kas hinahanap mo?"*, kumain ka muna. Pero di muna ako masyado nakipagkwentuhan sa kanila , gusto ko kasi makita si Papa eh, para makumusta ko at pati na rin si Lolo at ang ibang Tito ko dito.

I'll feel always safe in this place, makikita mo sila sobrang close talaga, laging nagtutulungan, nagbibiruan at kitang-kita mo talaga sa kanila ang pagkakaisa ng bawat kasapi. Pagkatapos no'n nag usap kami ni Papa tungkol sa mga kapatid ko at sa'yo at nangungumusta s'ya pagkatapos no'n kumain muna ako nagugutom na rin kasi ako eh.

After few minutes naligo na ako, papunta na ako sa sapa ng may kasamang lalaki ding maliligo, pinauna na niya ako. Bawal kasi sa kanilang magsabay maligo ang babae at lalaki kahit magboyfriend/girl friend, paggalang nila 'yon sa kababaihan. At saka doon sa

sabonan ni Papa walang brush and face towel so nakihiram ako ng brush doon sa katabi kong babae. Sus ko! Ma, napakabait ng dalawa napakagaan ng loob ko sa kanila parang ang turing kasi nila sa akin ay kapamilya. Pagkatapos no'n niyaya ako ng isang babae na mag-aral and then dahil nga boring din dito kasi wala akong gawa sumang-ayon po ako. Mabuti nga 'yon para madagdagan ang kaalaman ko. Dito ko na kilala ang mga naging kakaklase ko dalawang lalaki. Dalawa po sana kaso nauna nang umuwi ang isa kaya hindi n'ya natapos ang discussion namin. Yung dalawa kong nakilalang babae ang mabubuting guro sa aming tatlo habang nagtuturo sila nag eenjoy lang akong makinig at matuto. After that, natapos na namin ito, so 12;00 pm na rin, 'yon kaya nagtanghalian na muna kami pagkatapos no'n hindi muna ako kumain kasi busog na busog pa kasi ako kaya naligo muna ako.

Ang sarap ng tulog ko nang bigla akong ginising ni Papa para kumain kasi mamaya pupunta naman doon sa school walang laman ang tiyan, para hindi magalit si papa kumain nalang ako. Pagkatapos ngang kumain back to school naman hapon na talaga kami natapos kasi gumawa pa kami nang takdang aralin at nagpaturo pa si Kuya Kim at syempre ako din tinapos ko na ang takdang aralin.

Gabi na at madilim, hindi ako makatulog dahil sa takot, dahil sa mga naririnig kong huni sa paligid. Hanggang sa mag-aalas 12:00 na ng gabi pumasok si Papa sa tent kasi naghahanap ng kumot, and then sinabi ko sa kanya na hindi ako makatulog at pinalipat niya ako doon sa labas. Binigyan niya ako nang jacket at kumot kasi malamig daw eh, pero wala pa rin... hanggang mag- umaga, walang antok ang dumapo sa akin. Pinalipat ulit ako sa tent ni Papa para matulog pero wala ehh, hanggang sa naghilamos na lang ako at nagtimpla ng kape. Sobrang babait talaga nila, maasikaso sila, kahit hindi pa naman nila ako kilala. Hanggang sa sumama ako kay Papa nag exercise sobrang enjoy talaga dito, 'Ma. Nakakapagod man at least may mga natutunan, pagkatapos no'n bumalik na ako sa tent para kumain, at pagkatapos s'yempre back to normal na naman. Sobrang bait dito nang lahat, 'Ma, malinis ayaw nila ng madumi kaya nga minsan nahihiya ako s'yempre tamad ako ehh, at dahil din sa hiya nagliligpit din





ako sa tent ni papa. Ang gagaling nilang magturo ang dami kong kaalaman na natutunan, at gusto ko rin itong ituro sa iba. Palagi silang masaya dito, maingat sa bawat galaw, sa bawat desisyon. Hindi sila madamot sa kung anong meron sila. At feel na feel mo talaga na bisita ka dito. At kitang-kita mo sa kanila ang pagkakaisa. Kaya 'Ma, punta ka dito, huh?Gusto ko rin kasing ma experience mo ang kabaitan ng mga kasama dito. Walang problema ang darating sa'yo pag nandito ka. Ang saya talaga, sobrang babait ng tao dito, grabe! saka hindi ka dito mai-stress, 'Ma. Lagi ka sigurong nakatawa dito.Sana maranasan mo dito, 'Ma at saka disiplinado ang mga kasama dito. Muli magandang araw po, 'Ma.

Hannah

*****

Pebrero 2019
Para sa Aking Anak at mga Kapatid,

Rebolusyonaryong pagbati sa inyo. Kumusta naman kayo d'yan, anak at aking mga kapatid? Sana sa pagsapit ng sulat kong ito ay wala kayong karamdaman sa inyong pangangatawan.

Sa tuloy-tuloy kong pagkilos dito sa hukbo ay nagagampanan ko rin naman ang tungkulin ko, pero minsan dumarating sa akin ang lungkot kapag naisip kayo at miss na kita anak. 'Andito ako kasi kailangan ako ng masa sa paglilingkod sa kanila. Balang araw malalaman mo rin kung bakit ako nandito at malayo sa'yo.

Kung ako naman ang tatanungin ay okey lang naman si Papa dito sa trabaho at masaya si Papa dito kasi ito ang tunay na solusyon sa paglaya ng ating bansa. Kaya ako lumahok sa armadong pakikibaka anak ko, lalo na pag-upo ng Rehimeng US-Duterte sa simula palang niya sa termino ay marami na siyang pinapatay dahil ipinatutupad niya ang gyera kontra-druga. Ang epekto nito ay pahirap sa malawak na masa at nawalan sila ng karapatang-tao dahil hindi niya pinapakinggan ang boses ng mamamayan. Sa kanyang interes na manatili sa poder ipinatupad niya ang Martial Law sa Mindanao at MO 32 sa mga rehiyon kabilang na ang Bikol at naglunsad ng todong-gyera laban sa mamamayan kaya

maraming problema ang malawak na masa.

Kaya kami nananawagan sainyo, mga kapatid ko, halina kayo at lumaban hanggang maaga pa lumahok na tayo sa digmang bayan alam naman natin ito ang solusyon sa kahirapan at pabagsakin ang Rehimeng-US Duterte. Para makamit natin ito magkaisa na tayo at durugin ang umiiral na sistema. Bawiin natin ang para sa atin.

Hangang dito nalang ang sulat ko maraming salamat sa inyong lahat.

Ka Lyene

*****

Septyebre 3, 2017
Para sa'yo mahal kong asawa,

Pasensya na kung malayo tayo sa isa't isa. Sana ay maintindihan mo ang kalagayan natin ngayon, kung bakit naging malayo ako sa piling mo. 'Wag mo akong alalahanin dahil maayos naman ang kalagayan ko dito sa loob ng hukbo. Ayos naman ang pagkain ko dito at mga gamit-katawan, tulad ng sabon at iba pa. Ayos naman ang samahan namin ng mga kakolektibo ko sa iskwad. Kaya 'wag kayong mag-aalala sa akin dahil ok lang ako dito.

Kung sa seguridad naman ang itatanong mo ay maayos din. Nakakagalaw kami ng maayos dito sa lugar ng walang alinlangan dahil maraming masang nakapalibot dito na bilang gabay sa aming paglalakbay. At bukod doon ay ayos din ang gamit pandigma namin tulad ng baril na may kumpletong bala at bombang pandurog sa kaaway.

Naging desisyon kong ang magrebolusyon dahil naisip kong ito ang tama ang tumulong sa masa ng sambayanang Pilipino.

Nagmamahal mong asawa,
Ka Roldan





## Diwa ng Teorya, Inspirasyon ng Praktika



sa dala mong pag-iisip
lumikha ng mapanuring
pagtingin
pag-unawa't kilos namin
napanday
nabuo maunlad na kamalayan

sa yaman ng iyong larawan
naiguhit ang karanasan
sa esensya ng iyong aral
pandamang matalas iniluwal

koro:
makauring determinasyon
amin nang tinanganan
diwa ng nabuong teorya
inspirasyon sa praktika
(ulitin)

Instrumental

armas ng makabagong
kaalaman
ginamit sa ganitong kalagayan
katumpakan ng iyong kaisipan
kailanman di namin bibitiwan

ang pananaw ay maglaho
ang mga uri sa lipunan
sa bayang kolonyal at
malakolonyal
ang paglaya ng buong
sangkatauhan

Ulitin ang koro (2x)

diwa ng teorya, inspirasyon sa
praktika

D- Dsus (2x)
D
Koro: Ang sigaw ng mamamayan
G
Dagundong ng digmang bayan
Em F#m
Ito ang himig ng katarungan
G A
Ang awit ng paglaban
(Ang koro ng kalayaan)

Em F#m
Sa marahang dampi ng paa sa lupa
Em F#m
Sa saliw ng kaluskos ng mga dahon
Em F#m
Sa ritmo ng lagaslas ng mga sapa
Em F#m
Sa tambol ng tibok ng puso
G A
Humahangos ang mandirigma

(Koro)

Em F#m
Sa lagapak ng libong martsa
Em F#m
Sa pagkasa ng sandata
Em
Sa pintig ng gatilyo
F#m
Sa hiyaw ng bala
Em
Sa tambol ng mando
G A
Lumang sistema'y guguho

(Koro)

Bridge:
E
Palakas nang palakas
D
Ang huni ng kanayunan
E
Hanggang sa matibag
D E-D
Pader ng kalunsuran
E D
Hanggang atin na ang himig
E D
Hanggang atin na ang awit
E D
E- A
Hanggang atin na ang kondukta ng digma
E
D
Hanggang kinakanta na ng masa
E D B
Ang koro ng paglaya

F
Koro: Ang sigaw ng mamamayan
Bb
Dagundong ng digmang bayan
Gm Am
Ito ang himig ng katarungan
Bb Gm C
Ang koro ng paglaban

F
Ang sigaw ng mamamayan
F
Ang sigaw ng mamamayan
F
Ang sigaw ng mamamayan



tilamsik

# Pasasalamat

Nagpapasalamat ang buong pamatnugutan sa lahat ng nag ambag sa ika-pitong isyu ng tilamsik kina: Ka Ren, Ka Pen, Ka Jenelyn, Ka Sofia, Ka Emskie, Ka Maine, Ka Yuri Makauri, Maya Daniel, Ka Hannah, Ka Ano, Ka Andoy, Ka Annie, Ka Roldan, Ka Andrie,Ka Roel Villanueva, Ka Jam, Ka Imee, Ka Venus Saturno , Ka Lyene, Ka Arcel,Ka Criselda, Ka Rauna , Ang Bayan, sa mga lumikha ng mga drowing at litrato.

Hinihikayat namin ang lahat ng pulang mandirigma, aktibistang masa, at lahat ng kaibigan ng rebolusyon na patuloy na basahin at ipalaganap ang dyornal, mag-ambag ng kanilang mga likhang-sining. Ang bawat likhang-sining na nakapaloob sa dyornal ay bukas sa pagpapalaganap at kritisismo.

Sa paglalathala, maaaring magkaroon ng kaunting pagbabago sa pagkakaayos ng mga obra upang mas maging angkop at malinaw ang pagkakalahad nito. Sisikapin ng pamatnugutan na mailathala ang lahat ng mga ambag sa mga susunod pang isyu o sa website ng @tilamsik.

Maaari nang i-download ang mga nakaraang isyu ng dyornal at mapakinggan ang mga awit na inilimbag sa website ng @tilamsik sa <u>http://tilamsikngdakilangapoy.blogspot.com.</u> Maaari na ring bisitahin ang *Facebook page* ng @tilamsik sa <u>*https://www.facebook.com/tilamsikngdakilangapoy*</u>. Ipapaskil dito ang ilang piling pyesa mula sa mga inilimbag nang isyu ng tilamsik at iba pang huwarang rebolusyonaryong akda.